**Elehiya**

**SYNOPSIS**

Imbisibol daw si HUGO. Mahiyain daw kasi hindi ni minsan nakisali sa mga aktibidad ng eskwelahan. Hindi daw palakaibigan si Hugo. Ni hindi mo maaalala na nakasalamuha o nakausap man lang. Guni-guni lang daw si Hugo. Ngayo'y nandito siya, bukas wala na.

K'wento ito ni Hugo.

Anak ng mag-asawang tibak si Hugo. Underground ang kanyang mga magulang na sina Henry at Olga, high ranking at kabilang sa mga most wanted list ng pulis at militar. Alam lahat ito ni Hugo dahil walang inilihim sa kanya.

Sa edad na 10, gamay na ni Hugo ang konsepto ng pag-iingat. Naiintindihan nya kung bakit papalit-palit siya ng apelyido, tirahan, at tagapag-alaga. Bihira nyang makasama o makita man lang sina Henry at Olga. Sa halip, nasa pangangalaga siya ng mga kaibigang tibak, na kapwa ring nakikisilong sa mga pansamantalang underground houses.

Nangungulila man, pilit pa rin niyang yayakapin ang peligrosong buhay at pagtatakpan, sa ano mang kaparaanan, ang mga pagkakakilanlan.

Sa halip na itatuwa ang kalagayan, mas piniling niyang maging abala. Sa isang kwaderno, isinusulat niya ang kwento ng halimaw na si Garuda. Pagmumuni-muni nya

ito sa mga nangyayari sa kanyang pamilya, sa paligid, at sa pagkaka-unawa niya sa estado ng bansa – ang Bagong Lipunan.

May amor si Hugo sa kilusan. Pinalaki siyang mulat sa kasaysayan at layunin nito. Nangangarap ba siyang balang-araw ay direktang makibahagi? Hindi, kung ang pagbabatayan ay ang laging ipinapaalala sa kanya na di maglalaon ay matatapos din ang rehimeng Marcos. Naghihintay lamang siya at walang pag-iilusyong hahawak ng armas. Ano pa nga ba ang magagawa niya?

K'wento ito ni Hugo at ang kanyang mga paghihintay sa piling ng mga tibak, sa panahong di lamang gobyerno ang kalaban, kundi maging mismong ang mga nasa loob ng kilusan.

Naghihintay lamang si Hugo. Naghihintay sa wala.

**1. PROLOGUE. INT. THEATER. NIGHT**

SUPERS: University of the Philippines, 1973

Isang pagtatanghal ng isang radikal na theater group ang nagaganap, sa estilo ni Brecht. May tatlong tauhan sa stage: isang madre,isang katipunero, at isang tila Madame Imelda. Salit-salit sila sa pang-finale na mga linya.

ACTOR 1 (MADRE)

Kawangki ng masangsang na libingan ang simoy ng hangin.

ACTOR 2 (IMELDA)

Nagsisilbing palatak ng panghihinayang ang paglagitik ng mga sanga.

ACTOR 3 (KATIPUNERO)

Bulong-bulungan naman sa pag-usisa ng sa kanila'y natambad ang dalisdis ng mga tuyong dahon.

ACTOR1

At sa kung anong bulahaw ay may kuwagong pumiglas mula sa malalim na pagkakahimbing. Pupungas-pungas pang inaaninag ang mga nananangis.

ACTOR 2

Ang kawan ng nga kabisoteng nangibang-pook palayo sana sa taglamig ay inalihan ng pangamba nang sila'y ngikihin ng mga nguyngoy sa ibaba.

ALL

Dito'y isiniwalat ang mga panahon ng hilahil mula sa hukay ng inaglahing lipi, nguni't bigo ang pagkilanlan sa mga bungo't kalansay ng mga nadustay!

ACTOR3

Pumapatak na ang hamog sa kalupaan, tila nagnanais ikubli ang magdamag nang pagdadalamhati, at upang ipahingalay ang mga naninikip nang didib.

ACTOR 1

Kahimanawari'y maparam!

Mamamatay ang ilaw. Curtain call. Palakpakan at hiyawan. Muling babalik sa backstage ang mga aktor.

**2. INT. BACKSTAGE/DRESSING ROOM. CONT.**

Nagtatanggal na ng ng make-up ang mga aktor at isa-isa na rin nilang hinuhubad ang costumes.

**3. EXT. THEATER. CONT.**

Sa tapat ng teatro, pababa sa hagdan, makikita si **MIRIAM**, early 20's, kasabay ng ilang nanood. Halata na sa tiyan ni Miriam ang pagbubuntis.

Mabubungaran ni Miriam ang isang grupo ng lalaki na sa kilos at postura ay halatang pulis. Agad matatakot si Miriam. Babalik sya paakyat ng hagdan. Haharangan sya ng daloy ng mga tao.

Makokorner si Miriam ng mga lalaki.

**4. INT. BACKSTAGE/DRESSING ROOM. CONT.**

Maririnig ang mga aktor ang commotion sa labas. Nagdudumaling bubungad sa pinto ang isang kasamahan.

STAFF

Si Miriam, kinuha ng metrocom!

Dagliang lalabas mula sa dressing room ang mga actors.

**5. EXT. THEATER. CONT.**

Nagsisisigaw si Miriam habang kinakaladkad ng mga pulis.

MIRIAM

Ako si Miriam Alegre, UP student! Inaaresto nila ako nang walang dahilan! Hindi ako kriminal o magnanakaw! Ako si Miriam Alegre, taga-barangay Ipil sa Sampaloc!

Mabibigla ang mga taong palabas ng teatro. Malulunod ang kanyang pagsigaw sa pagsara ng pintuan ng van.

MIRIAM

Ako si Miriam Alegre, taga-!

Lalarga ang van at ang maglalaho sa madilim na duluhan ng kalye.

Maya-maya pa’y humahangos na lalabas ang tatlong aktor, kuntodo make-up at nakasuot pa ang mga costume. Paparahin nila ang jeep at agad silang sasakay.

**6. EXT. ROADS. CONT.**

Sa jeep, pinagtitinginan ang mga aktor ng ibang pasahero.

AKTOR 1

Bayad, o!

DRIVER

Saan to?

Magkakatinginan lang ang mga aktor.

Beats.

ACTOR 1

Police outpost sa Diliman!

DRIVER

Ibang ruta ho yon. Kakanan ako sa Maginhawa!

ACTOR 2

Basta ibaba mo kami bago ka kumanan!

Bababa mula sa jeep ang tatlo. Lalakarin nila ang madilim na kalye. Mararating nila ang isang police outpost.

**7. INT/EXT. POLICE OUTPOST. CONT.**

Sa desk, binabasa ng police ang log book. Alalang-alala naman ang tatlong aktor habang naghihintay.

POLICE

Walang ganung pangalan dito. Sigurado ba kayong dito dinala?

AKTOR 1

Hinde, sir. Pero malalaman nyo naman siguro kung saan, di ba?

ACTOR 2

Puede nyo naman i-radyo.

POLICE

Nakita nyo ba ang patrol number sa van?

ACTOR 3

Civilian van lang ho kasi ang ginamit.

POLICE

O, paano nyo nasabing pulis ang dumampot?

ACTOR1

Nang-aresto na walang kaso? Meron pa bang iba maliban sa mga kabaro nyo?

Titignan sila ng masama ng pulis.

Cut to: Lalabas ang tatlo mula sa outpost. Titigil sila sa paglakad. Di nila alam ang kanilang pupuntahan. Iiwan natin sila dito.

**8. INT. ROOM. FORT BONIFACIO.NIGHT**

Bubungad ang mukha ni Miriam. Makikita sa mukha nya ang matinding paghihirap.

MIRIAM

Hindi ako Komunista…

Isang lalaki ang lalapit at bubulong sa kanya.

LALAKI

Mag-uungguyan pa ba naman tayo? Di na ang pagka-Komunista mo ang inuusisa namin. Tinatanong ka namin kung sinu-sino pa ang mga kasama mo? Ano, Alegre? Tatlo, dalawa, o kahit isang pangalan lang. Promise, makakauwi ka na. Maawa ka sa sarili mo, o. Dyan sa nasa tiyan mo.

MIRIAM

Wala akong alam…

Tatayo ang lalaki. Mahahantad na nakapatong ang ulo ni Miriam sa isang kama at ang kanyang mga paa sa isa pang kama. Nakagapos ang kanyang mga binti at braso.

LALAKI

Tangina naman, Alegre. Ano ba naman yung magbigay ka ng kahit isang pangalan? Pinahihirapan mo lang ang sarili mo. Kung di ka lang buntis, kinuryente na kita sa puke.

Sa sahig nakapatong ang isang kutsilyo, nakatutok ito sa likod ni Miriam. Nanginginig na sa ngalay ang kanyang katawan.

Kukunin ng lalaki ang ilang pirasong libro.

LALAKI

Communist Manifesto, Das Kapital…

Ipapatong niya ito sa tiyan ni Miriam.

Sa isang cassette player, magpapatugtog ang lalaki ng awiting kinakanta ng mga aktibista.

Lalong iigting ang pangangatal ng katawan ni Miriam.

LALAKI

Yan ang napala mo sa puki ng inang ideyolohiyang yan.

Lalakasan pa ng lalaki ang volume ng cassette player.

**9. INT. JAIL CELL/FORT BONIFACIO. NIGHT**

Sabay-sabay ang mga paglagutok ng tasa at plato sa rehas na bakal. May noise barrage na nagaganap sa loob ng kulungan.

Darating ang warden at ilang bantay. Mas lalo pang lalakas ang ingay.

Sa gitna ng mga ito ay ang nalulunod na pagdaing ni Miriam. Malaki na ang kanyang tiyan. Nakapiit siya kasama ng ilang kababaihan.

Maya-maya pa'y sesenyas na ang warden.

Naglalakad si Miriam sa hallway ng preso, akay-akay ng dalawang bantay.

**10. INT. JAIL INFIRMARY. CONT.**

Nakahiga sa kama si Miriam, dumadaing sa sobrang sakit. Bagama't mahina, maririnig pa rin ang noise barrage.

Mararamdaman niya ang paglapit ng isang anino. Makikilala ito ni Miriam.

LALAKI

Kumusta, Alegre? Kabuwanan mo na pala, di ka nagpasabi. Sana'y agad kang nailipat sa mas maayos sa hospital. Di tulad dito. Mabaho, mainit.

Di sasagot si Miriam. Bagkus ay pawang ungol ang lalabas sa kanyang bibig.

LALAKI

Gusto mo bang madala sa hospital?

Iri lamang ang isasagot ni Miriam. Sa wari'y pilit niyang inilalabas ang sanggol.

LALAKI

Sabi ni warden, pumutok na raw panubigan mo. Simpleng oo at hindi lang, Miriam. Kawawa naman beybi mo…

Isa pang madiin na iri at:

MIRIAM

Oo!

LALAKI

Pwes, ibigay mo sa akin ang mga pangalan na hinihingi ko.

Di sasagot si Miriam. Mas lalakas ang kanyang pag-iri.

Maiiba ang tono ng lalaki.

LALAKI

Sino-sino ang mga kasama mo sa sandatahang yunit propaganda na nag-ooperate sa central luzon at Maynila?!

MIRIAM

Ilang ulit ko bang sasabihin sa inyo na isa lang akong estudiante!

LALAKI

Estudiante? Eh bakit ka nagpakantot? Ayan ang pruweba o! Mahiya ka sa magulang mo, pinag-aaral ka. O kaya sa estado! Iskolar ka ng bayan di ba? Tangina ka pala e!

Muling iiri si Miriam, sabay:

MIRIAM

Mas puta ang ina mo sa kaputaputahan!

Susuntukin ng lalaki si Miriam sa binti ng ilang uli. Mamimilipit sa sakit si Miriam.

LALAKI

Sino mga kasama mo?! Isa ba sa kanila ang nakabuntis sa yo?! Sino'ng putang ama nakabuntis sa yo?!

May sasabihin si Miriam, ngunit di ito maiintindihan ng lalaki. Ididikit niya ang tainga malapit sa bibig ni Miriam.

MIRIAM

Si Marcos. Pakisabi sa presidente mo, pahingi ng panggatas…

Cut sa noise barrage. Malulunod ang pagpalahaw ni Miriam.

**11. EXT. FORT BONIFACIO/ROADS. DAY**

Lalabas mula sa main gate ang isang babae. Bitbit niya ang isang sanggol.

Isang pulutong ng sundalo ang makakasalubong nya. Dere-derecho ang kanyang lakad. Walang lingon-lingon. Sa malapitan, makikilalang siyang si **CARMELA**, early 30’s.

Mararating nya ang kalye. Agad nyang paparahin ang isang jeep.

Muli nating makikita si Carmela at ang sanggol, nakasakay sila sa bus. Binabagtas nila ang isang highway.

Bababa si Carmela sa di mataong bahagi ng highway. Pakikiramdaman niya ang paligid. Papasok siya sa isang makitid na kalye. Sa maliit na barog-barong, naghihintay sa kanya ang isang lalaki, si **RAUL**, early 20’s.

Iaabot niya ang sanggol dito.

RAUL

Salamat.

(Beats)

Pasensya na, Ate Carmela, ha.

CARMELA

Naku, wag mong intindihin yun. Ang importante, nakuha ko yan!

Masuyong pagmamasdan ni Raul ang sanggol.

RAUL

Hugo…

CARMELA

Bangkapoging bata, ano?

RAUL

Kumusta si Miriam?

CARMELA

Aba e mabuti kesa inaasahan.

(Beats)

Wag kang mag-alala, di magtatagal at palalayain na sya.

(A beat)

Maswerte ka kay Miriam, Raul. Matinding tortyur ang pinagdaanan nya, pero ni isang pangalan ay wala silang napiga.

(Beats)

Sa akin na muna si Hugo ha?

May tingin ng pag-aalinlangan si Raul.

CARMELA

Paano mo maaasikaso ang bata? Ako na! Kawawa naman. Sabi ni Miriam, markado na rin ng militar ang mga magulang mo.

Walang maisasagot ang lalaki.

CARMELA

Basta ipangako mo sa akin na aalagaan mo si Miriam, ha.

Tatango si Raul.

CARMELA

Kahit kontrang-kontra ako sa pinili nyang buhay, wala na kong magagawa. Ito ang ginusto ng kapatid ko. Alangan naman pabayaan ko? Nang mamatay sina Mamang at Papang, sa akin sya inihabilin. Di na nga ako nakapag-asawa eh.

(A beat)

Sa akin na muna si Hugo. Magka-anak man lang ako, di ba? Kahit pansamantala lang, habang mainit pa kayo sa mga militar.

(Beats)

Raul…kelan ba matatapos ang laban na to?

RAUL

Lumalaki at lumalakas ang pwersa ng kilusan. Kaunting panahon na lang, mananalo na kami, Ate Carme. Nagawa yon ng mga rebelde sa Cuba. Magagawa rin namin dito.

CARMELA

Sana nga. Pero wag mo sanang mamasamain, ni sa hinagap, di ko pinangarap na makipagtaguan sa mga militar. Isa lang akong mananahi ng bestida at kurtina. Kayo na lang mga matatalino at iskolar ang lumaban. Kami ni Hugo, mamumuhay gaya ng isang normal na pamilya.

Mangingiti si Raul.

RAUL

Wag mong minamaliit ang pagiging mananahi, Ate Carme. Wala kaming banderang iwawagayway tuwing rally kung wala kayo. Sa bundok, mas importante ang mananahi ng napahak na pundiya ng pantalon kesa doktor ng tinamaan ng bala.

Matatawa si Carmela.

CARMELA

Nga pala, Raul, nabanggit ko rin to kay Miriam. Kung papayag ka, ibang apelyido ang dadalhin ni Hugo. Sana maintindihan mo. Para na rin to sa seguridad ng bata.

Beats.

RAUL

Ang pangalan ay isa lamang maliit na sakripisyo para sa puspusang pakikibaka…

Di na sasagot si Carmela. Pagmamasdan na lamang niya ang mag-ama.

## ACT 1

**12. EXT. PUBLIC ELEM. SCHOOL. DAY**

SUPERS: Manila, 1983

Umaga. Tumataas ang bandila ng Pilipinas, habang tinutugtog sa trompa ang Lupang Hinirang.

Sasampa ang isang bata sa stage. Pangungunahan niya ang sabayang pagbigkas ng Panatang Makabayan.

Makikita natin si **HUGO** sa pila ng mga lalaking mag-aaral, magsasampung taon siya dito. Pagkatapos ay tutugtugin ang tema ng Bagong Lipunan, na hudyat ng pagtatapos ng seremonya. Maayos at nakapilang tutungo sina Hugo sa kanilang kwarto.

**13. EXT. STREET/HOUSE. LATER**

Ipakikita ang ilang bahagi ng kalyeng matao. Kabilang na ang isang apartment. Sa isang unit titigil ang montage. May halamanan ito sa bakuran.

**14. INT. HOUSE. CONT**

Aatungal ang sewing machine. Nananahi ng bestida si Carmela. Bakas sa mukha niya ang pagkayamot.

Nakaupo sa sala ang isang lalaki (early 20’s). Matagal na walang kibuan. Tatayo ang lalaki. May iaabot kay Carmela. Ilang piraso ng dadaaning papel.

BISITA

Ipinapaabot po ni Ka Henry at Ka olga. Baka daw makatulong kahit papaano.

Titigil sa pananahi si Carmela. Di nya kukunin ang pera.

CARMELA

Tao kang kumatok sa pamamahay ko, kaya pinapasok kita. Pero sa susunod, pakisabi na din kay Raul at Miriam, pwede bang ipa-koreo nyo na lang kung anuman ang ipapadala nyo? Inilalagay nyo kami sa alanganin eh.

BISITA

Ipapaabot ko po. Pasensya na, Ate Carmela. Aalis na po ako.

Aktong aalis ang bisita.

CARMELA

Mamaya ka na umalis. Masyadong matao sa labas pag ganitong oras.

Magpagabi ka na.

BISITA

Baka po mag-alala si Ka Rollie. Alas-dos po kasi kami magkikita.

CARMELA

Pwes, maghintay sya! Di ka aalis dito hanggat maliwanag pa.

Di na kikibo ang lalaki. Tatango na lamang sya.

Ililigpit ni Carmela ang tinatahi.

CARMELA

Sasaglit lang ako sa palengke.

(A beat)

Kumakain ka ba ng kanduli?

BISITA

Opo, kahit ano po.

CARMELA

Malansang isda yon. Sigurado ka? Wala sa itsura mo ang kumakain ng kanduli…

BISITA

Okay lang po talaga…

CARMELA

O, sya…

Lalakad palayo si Carmela.

**15. EXT. HOUSE. CONT.**

Lalabas ng bahay si Carmela. Labit-labit nya ang basket. Lilinga-lingain muna niya ang paligid. Lalakad siya palayo.

**16. INT. CLASSROOM. CONT.**

Sa silid-aralan, nagche-check ng attendance ang guro. “Present!” ang isasagot sa: “Frank Ahos!”, “Olympia Alejandro!”, “Percival de Amor!”.

Hanggang sa matawag si:

TEACHER

Hugo Balyaon!

Walang sasagot. Uulitin ng teacher. Saka lamang magre-react si Hugo.

HUGO

Present!

Cut to: Magsisimulang magturo ang guro.

TEACHER

O, today is Monday! Social Studies day! Let’s see if you reviewed your current events. Today’s topic is cabinet members! Meliton Calueng, who is the Prime Minister of the Philippine Republic?

M. CALUENG

Cesar Virata, ma’am!

TEACHER

Good! Teresita Pantaleon, who is the Minister of Education? Dapat alam nyo to kasi estudiante kayo!

T. PANTALEON

Onofre Corpuz, ma'am!

TEACHER

Very good!

(Beats)

Minister of Defense? Hugo Balyaon!

Tatayo si Hugo.

HUGO

Juan Ponce Enrile, ma'am. He was also Minister of Justice from 1968 to 1970.

TEACHER

Yes, he was.

**17. EXT. SCHOOL YARD. CONT.**

Sa bakuran ng eskwelahan, nagdidilig nga mga tanim sina Hugo at kanyang mga kaklase. Gulay ang mga pananim. Di kalayuan ay ang nakapaskel na "GREEN REVOLUTION". Lalapitan siya ng kaklaseng babae, si Rosalie.

ROSALIE

Uy, Hugo. 'Galing mo kanina sa Social Studies ha!

HUGO

Favorite subject ko kasi yon.

ROSALIE

Sabi ko na eh!

(A beat)

Malapit na pala ang First Communion natin. May bisita daw na pari mamaya, kaya half day lang ang klase.

HUGO

Bakit may pari?

ROSALIE

Sabi ni Nanay, bago ang holy communion, kailangan daw munang mag-confess ng mga kasalanan sa pari.

HUGO

Kahit ayaw ko?

Tatawa si Rosalie.

ROSALIE

Tange ka, di pwedeng ayaw mo!

HUGO

Eh kung wala naman akong sasabihin?

ROSALIE

Kahit ano! Gumawa ka na lang ng kwento!

Saglit na mapapa-isip si Hugo. Itutuloy nya ang ginagawang pagdidilig.

**18. INT. HOUSE. LATER**

Di mapakali ang bisita ni Carmela. Dudungaw siya sa bintana. Walang tao sa paligid.

Lalabas siya ng bahay, nakasuot ng fisherman's hat.

**19. EXT. STREET. CONT.**

Mararating ng lalaki ang isang sari-sari store.

LALAKI

Manang, Philip, isang kaha…

Iaabot ng tindera ang isang kaha ng yosi.

Sisindihan ng lalaki ang isang stick. Lalakad sya palayo.

Malapit na sa apartment, mapapansin nya ang ilang lalaking nakapuesto sa paligid, animo'y taga-roon at nakatambay. Ano pa nga ba't kahina-hinala ang kanilang ikinikilos.

Akmang sasalubong ang dalawa sa mga lalaki.

Lalagpasan ng bisita ang unit ni Carmela. Bagkus, kakatok siya sa kalapit na unit.

BISITA

Lola, lola…

LALAKI (OS)

Bulok na estilo na yan, bata.

Pagkarinig, tatakas ang bisita. Tatalunin nya ang pader patungo sa unit ni Carmela. Matutumba ang isang paso ng halaman dito. Ngunit nakapuesto na ang isa pang pulis na naka-sibilyan. Itututok nito ang baril.

PULIS

Hep, hep, saan ka pupunta?

Masusukol nila ang bisita, aarestuhin.

Magsisipaglabasan ang mga kapit-bahay.

BISITA

Ako si Paul Manansala! Inaaresto nila…

Bago pa man matapos, mawawalan ng malay ang bisita mula sa palo ng baril sa batok nito.

**20. EXT/INT. CLASS ROOM. CONT.**

Nakapila si Hugo at mga kaklase sa labas ng kwarto. Isa-isang pumapasok ang mga estudiante. Maya-maya pa'y si Hugo na ang papasok. Susundan natin siya hanggang sa makita natin ang naghihintay sa loob, isang pari.

PRIEST

Anak, may gusto ka bang ikumpisal?

HUGO

Wala po…

PRIEST

Kahit na ano. H'wag kang mag-alala. Ako at ang Diyos lang ang makakaalam…

HUGO

Wala po talaga, father…

PRIEST

Sigurado ka?

HUGO

Opo…

PRIEST

Hay, pwes. Anu't-anuman, magdasal ka ng tatlong Aba Ginoong Maria at dalawang Ama Namin.

HUGO

Ngayon na po?

PRIEST

Aba'y oo! Kelan mo ba gusto, anak?

HUGO

Bago na lang po ako matulog. Para po isang dasalan na lang.

Makikita sa mukha ng pari ang resignation, marahil ay pagod na din.

PRIEST

O, sya, h’wah mong kalilimutan ha.

HUGO

Tatlong Aba Ginoong Maria at dalawang Ama Namin!

**21. EXT. STREET. LATER**

Naglalakad si Carmela sa kalye, dala ang basket ng pinamalengke. Mararating niya ang kanyang unit. May agad mapapansin si Carmela.

May ilang kapitbahay ang nag-uusyoso at nakatingin sa kanyang bahay.

CARMELA

Bakit, ano’ng nangyari?

NEIGHBOR

Ay, Carmela! Nagkahulihan dito kanina ah!

CARMELA

Ha?! Sino?

NEIGHBOR

Di namin kilala. Basta na lang dinampot ng mga pulis!

Papasok si Carmela sa bakuran. Mapapansin nyang nakauwang ang pinto. Di siya papasok. Hahagurin muna niya ng tingin ang paligid.

Mapapansin nya ang nakatumbang paso ng halaman. Halos basag na ang paso.

**22. EXT. SCHOOL YARD. CONT.**

Maglalabasan ang mga mag-aaral mula sa kwarto. Magkwekwentuhan ang mga magkakaklase. Isa lang ang kanilang topic: may nakita na namang surot at bukbok sa nutribun!

Makikita si Hugo na nakikipaglaro ng sipa.

Tatawagin siya ni Rosalie. Agad naman siyang lalapit. Makikita ang kanilang pag-uusap.

Sa di kalayuan, matatanaw ni Hugo si Carmela. Magkahalong takot at lungkot ang mababakas sa mukha ni Hugo. Tila alam niya ang ibig sabihin ng pagdating ni Carmela

Bago lumapit sa kanyang tiyahin, susulyapan muna niya si Rosalie. Kakawayan siya nito nang pamamaalam. Patakbo nang lalapitan ni Hugo ang tiyahin.

TITA CARME

Aalis na tayo. Nakausap ko na ang principal mo.

HUGO

Saan po tayo pupunta, Tita Carme?

Di siya sasagutin ni Carmela.

TITA CARME

Akin na yang ID mo…

Huhubarin ni Hugo ang kanyang school ID at iaabot ito sa tiyahin. Magsisimula silang maglakad palabas ng eskwelahan.

Maya-maya pa’y itatapon ni Tita Carme ang ID sa madadaanang basurahan.

Sa labas, naghihintay na sa kanila ang isang traysikel. Nakasakay na ang kanilang mga bagahe: isang maleta, duffle bag, at isang cassette player.

DRIVER

Saan tayo, manang?

TITA CARME

Basta paandarin mo. May hahanapin kaming bahay.

DRIVER

Areglado.

Liliko ang traysikel sa isang eskinita, patungo sa mas masikip pang mga kalye.

Paikot-ikot lamang sila at halatang nagpapatay ng oras o kung may sino mang iniliiligaw.

Ilang minuto pa'y mararating nila ang palengke. Di mag-aaksaya ng oras, agad silang sasakay sa jeep.

**23. EXT. ROADS/PARK. LATER**

Bababa ang magtiya sa isa pang mataong parke. Tutunguhin nila ang parteng may rebulto ni Rizal. Mauupo sila sa paanan nito. Maghihintay. Mananatili silang kalmado.

May darating na lalaki, si **KA ROLLIE**, early 20's. Uupo ito sa tabi ng magtiya.

TITA CARME

Kelan ang libing?

KA ROLLIE

Sa Martes…

Hudyat na ito ng pagsama nila kay Ka Rollie. Sasakay sila sa isang ford fiera.

**24. EXT. ROADS. IMM. AFTER**

Walang kibuan sa byahe. Pinagmamasdan lang ni Ka Rollie si Hugo na may kung anong isinusulat sa kwaderno, habang nakikinig ito sa kanyang radyo.

Di maipinta ang mukha ni Carmela.

Maririnig sa radyo ang report na nanalo si Lydia De Vega ng ginto sa ginanap na ASEAN games.

Babasagin ni Tita Carme ang katahimikan.

TITA CARME

Saan nyo kami dadalhin?

KA ROLLIE

Pa-Montalban po muna tayo.

TITA CARME

Ha? Kalayo naman!

Di sasagot si Ka Rollie.

TITA CARME

Alam nyo ba kung gaano ko pinaghirapan ang apartment na yon? Nandun sa lugar na yon ang ikinabubuhay namin. Ang makinang panahi, di ko man lang nadala. Prenteng-prente na kami don, tapos ganito? Asan si Henry? Si Miriam?

Walang maisasagot si Ka Rollie.

TITA CARME

Akala ko ba matatalino kayo? Bakit nalalaman ng pulis ang kinaroroonan nyo?

Yayakapin ni Hugo si Tita Carmela. Tatahimik ang tiyahin.

Saglit na katahimikan. Pagmamasdan ni Ka Rollie si Hugo.

KA ROLLIE

Kumusta ka na, Hugo?

TITA CARME

Ano sa palagay mo?

HUGO

Mabuti naman po.

Beats.

KA ROLLIE

Kamukha mo mama mo, alam mo ba yon?

Magugulat si Hugo.

HUGO

Kilala mo sya?

KA ROLLIE

Oo. Nakasama ko sina Ka Henry at Ka Olga…sina Henry at Miriam…dati sa Nueva Vizcaya…'tagal na yun…

Maghihintay pa rin ng kasunod si Hugo. Mapapansin ito ni Ka Rollie. Dadagdagan nya ang kwento.

KA ROLLIE

Estudiante pa lang ako noon, sa isang cultural immersion. Sila ang naging senior officers namin. Kami ng papa mo ang natoka sa pag-oorganize. Marami akong natutunan kay Ka Henry. Mahigpit kasi papa mo. Sobrang ingat. Bawat detalye, dapat malinis. Walang palya. Kung papalya man daw, may nakakasa na dapat na back-up. Madalas nga nya kong nasesermonan. Lagi nyang sinasabi, "Ka Rollie, sistema. Walang bulilyaso kung may sistema!"

Pagmamasdan lamang ni Tita Carme si Hugo. Mangingiti ito.

KA ROLLIE

Si Ka Olga naman tahimik lang. Nagmamasid lang madalas. Dahil writer siguro. Maririnig mo lang sya kung may mga meeting o briefing. Pero kung gaano man kalumanay magsalita, ganoong naman kabagsik ang kanyang mga sinulat. Nanunuot sa kaluluwa at lumalatay sa puso, ika nga nila. Bagay na bagay sila ng papa mo – isang matalas mag-isip at isang mahusay magpatupad.

(Beats)

Gusto mo rin bang maging writer?

HUGO

Opo…

KA ROLLIE

Tungkol ba saan yang sinusulat mo?

Hindi sasagot si Hugo. Isasara ni Hugo ang kwaderno. Hahayaan muna ito ni  Ka Rollie.

**25. EXT. ROADS. NIGHT**

Sa biyahe, natutulog si Hugo na nakasandig kay Tita Carme.

Mararating nila ang isang checkpoint. Iilawan sila ng sundalo. Makikitang simpleng pasahero lamang silang papauwi kung saan man. Palulusutin sila ng mga militar. Mapapanatag si Rollie. Ngingitian niya si Hugo na mahimbing pa ring natutulog.

Mararating nila ang isang terminal ng bus. Bubuhatin ni Rollie si Hugo para ilipat sa nag-aabang na van. Kakausapin ni Rollie ang driver.

ROLLIE

Ano'ng okasyon?

DRIVER

Kasal…

Muli silang maglalakbay.

**26. EXT/INT. UNDERGROUND HOUSE. MORNING**

Sa isang bahay sa mataong kalye, hihinto ang van. Gigisingin ni Ka Rollie si Hugo.

Unang bababa si Ka Rollie. Pagmamasdan muna niya ang bahay. Mapapansin niya ang mga paso ng halaman na pawang nakaayos.

Ilang saglit pa'y papasok na sila sa bahay.

Naghihintay doon sina **KA TIRSO** at **KA WENA**, parehong early-30's, gayundin sina **KA NANCY** (mid-40's) at **KA ISMAEL** (late 40's).

KA ROLLIE

Ka Tirso, Ka Wena…

KA TIRSO

Ka Rollie…welcome!

Mapapansin nila ang pupungas-pungas pang si Hugo.

KA WENA

Uy, ito na ba si Hugo! Ang anak nina kasamang Henry at Olga!

(A beat)

H'wag kang mag-alala, Hugo. Safe ka dito. Ako si Wena, best friend ako ng Mama mo!

Mawawala ang antok ni Hugo.

KA TIRSO

Ako si Ka Tirso, asawa ni Ka Wena. Nakasama ko dati sa university ang parents mo.

KA NANCY

Ako si Ka Nancy.

KA ISMAEL

Ka Ismael. Ikinagagalak kitang makilala, Hugo.

HUGO

Thank you, po…

KA ISMAEL

Asus, ay kamukhang-kamukha ka ng tatay mo, o!

Titignan ni Hugo si Rollie. Kikindatan siya ni Ka Rollie.

KA ROLLIE

Mas kamukha ka ng mama mo…

KA ISMAEL

Alam mo bang maraming nagkakagusto dyan kay Ka Henry, ha? Kagandang lalake naman kase. Kaya naman patay na patay sa kanya si Ka Olga. Di ba, Ka Wena?

Di sasagot si Ka Wena.

Isang maikli ngunit magiliw na tawanan ang susunod.

Maiiwan si Hugo sa sofa. Pagmamasdan niya ang nangyayari sa paligid. Makikita natin sa kayang mukha ang matamang pakikinig sa mga bulungan at mahihinang pag-uusap, na pawang hindi nya nauunawaan.

**27. INT. UNDERGROUND HOUSE. LATER**

Hihilahin ni Tita Carme si Hugo sa isang sulok.

TITA CARME

Iiwan muna kita dito ha…

HUGO

Ho? Saan kayo pupunta?

Ibubulong nya kay Hugo ang:

TITA CARME

Papalitan ko lang ang apelyido mo.

Tatango si Hugo, sabay ngiti. Alam nya ang ibig sabihin ng tiyahin.

TITA CARME

Ilang araw lang, magkikita na uli tayo. Si Kuya Rollie mo muna ang bahala sa yo.

HUGO

Dito na po ba tayo titira?

TITA CARME

Hindi, anak. Pansamantala lang to, gaya ng mga kasama natin dito. Hwag kang mag-alala, hahanap ako ng malilipatan natin. Yung tayong dalawa lang!

(A beat)

Ayus ba?

Yayakapin ni Tita Carme si Hugo. Aalis si Tita Carmela.

Mapapansin ni Ka Rollie ang lungkot sa mukha ng bata.

KA ROLLIE

Hugo, halika, may sorpresa ako sa yo.

HUGO

Ano po yon?

May kukunin sa bag si Rollie. Isang portable na CB radio.

KA ROLLIE

Eto o. Pinabibigay daw ng Mama at Papa mo. Dito puede kayong mag-usap!

Babakas sa mukha ni Hugo ang tuwa. Bahagyang mawawala ang galit sa mukha ni Carmela.

HUGO

Paano po?

KA ROLLIE

Naka-set na ang frequency nyan. Pero tandaan mo, sila ang tatawag sa yo. Hwag na hwag mo silang kokontakin. Basta iwan mo lang nakabukas.

Makikita natin itinuturo ni Ka Rollie kay Hugo kung paano gamitin ang radyo. Maririnig natin ang ilang salita: “Pag di klaro ang sinabi, sabihin mo 10-9, 10-9…”

Iniaabot ni Carmela kay Ka Wena ang mga damit ni Hugo.

TITA CARME

Alas-otso kung matulog ang bata. Dapat nakapagsepilyo at nakapaghugas ng paa at binti.

KA WENA

Opo, Tita. Kami na po ang bahala…

Beats.

TITA CARME

Sampung taon kong inilayo ang bata sa ganitong buhay, malilintikan kayo sa akin pag napahamak yan.

KA WENA

Sisiguraduhin po namin na di na mauulit ang nangyari sa apartment.

TITA CARME

Dapat lang. Makahanap lang ako ng bahay, babalik ako agad-agad para kunin sya.

KA WENA

Ingat po sa byahe, Tita…

Nag-aalalang tingin lang ang tugon ni Carmela kay Ka Wena. Iiwan na siya ni Carmela.

**28. INT. UNDERGROUND HOUSE. HOURS LATER**

Sa kwarto, inaantabayanan ni Hugo ang pagpasok ng mensahe sa CB radio. Walang maririnig si Hugo maliban sa pasundot-sundot na static.

Ilang minuto pa’y kukunin ni Hugo ang kanyang cassette player. May hahagilapin siya sa kanyang bag. Ilalabas niya ang isang cassette na blanko. Isasalang niya ito sa deck at pipindutin ang record.

Rorolyo ang cassette. Sa wari’y may sasabihin si Hugo. Subalit walang lalabas sa kanyang bibig, maliban sa…”Ma, Pa…”

Ilang saglit pa ng katahimikan, papatayin na ni Hugo ang record mode. Muli niyang itatago ang cassette sa kanyang bag.

Makakatulog si Hugo. Mapapansin ang halos papatuyo nang luha sa kanyang mga mata. Bukas pa rin ang CB radio. Katabi niya ang nakabuklat pang kwaderno. Hawak-hawak pa ni Hugo ang bolpen.

Papasok sa kwarto si Ka Rollie. Mababanaag sa mukha nito ang awa para sa bata. Papatayin niya ang CB radio.

**29. EXT/INT. NEIGHBORHOOD/UG HOUSE. NIGHT**

Tahimik ang paligid. Maliban sa pagtahol ng mga aso.

Sa loob ng bahay, nagmamatyag sa bintana sina Ka Tirso at Ka Rollie.

Walang kumikilos sa loob ng bahay. Nakapatay ang mga ilaw.

Maririnig ang sirena ng mobil sa kalayuan. Unti-unti itong hihina.

Kita sa mga mukha nila ang pagkabahala.

**30. INT. UNDERGROUND HOUSE. LATER**

Sa hapag-kainan, nag-uusap sina Ka Rollie, et al.

KA ISMAEL

Safe dito, mga kasama. Na-survey na namin ang mga pasilyo sa paligid. Kung magkaka-aberya man, madali tayong makakaeskapo sa mga callejon dyan sa likod. Maraming pasikot-sikot sa looban…

KA NANCY

May alat?

KA ISMAEL

Malayo. Yung police outpost, mga dalawang kilometro pa mula dito…

(A beat)

May payphone dyan sa pondahan. Mabait yung may-ari, nagpapautang.

KA TIRSO

Hangga't maaari, i-minimize ang visibility. Hwag tayong maging palagay sa lugar na to. Isipin nyo lagi na wala tayong kakampi dito.

(A beat)

Saan ang rally point kung saka-sakaling magkakatimbugan?

KA ISMAEL

Wala pa, pero sa tantya ko di na kailangan.

KA ROLLIE

I agree. Mukhang malinis naman dito…

KA NANCY

Malinis? Yan din ang sinabi nila noon sa UG house sa Kamuning. Kesyo looban daw at di pansinin. Ilang linggo lang, ni-raid na. Mabuti na lang nakapagtago agad kami sa kalapit na bahay. Eh paano na kung pumutak yung may-ari?

KA TIRSO

Again, never underestimate the enemy! Di talaga natin masasabi kung kelan tayo maaamoy ng kalaban. Tandaan nyo ang nangyari sa bahay nina Carmela.

KA NANCY

Ka Rollie, di ba ikaw ang huling kasama ni Ka Mario bago sya tumuloy kina Carmela?

Mapapatingin ang lahat kay Ka Rollie.

KA ROLLIE

Oo.

KA ISMAEL

Eh, hindi nag-ingat si pogi eh. Matao ang lugar, di sya dapat nagpakalat-kalat ng ganun. Ayun, nataymingan. Malamang nag-panic kaya natunugan!

KA TIRSO

(Kay Ka Wena)

Magiging abala tayo sa mga darating na araw. Hanggat wala si Carmela, puede bang ikaw muna ang tumingin-tingin sa bata?

KA WENA

Sige lang.

KA ROLLIE

Tutulong ako sa bata.

KA NANCY

Hayaan mo na kay Ka Wena. Mag-focus ka sa nakatoka sa yo.

KA TIRSO

Siguraduhin mong nasa maayos na lagay ang bata. Ayaw kong mapahiya kina Ka Henry at Ka Olga.

(A beat)

Pwede na ba tayong mag-umpisa?

KA NANCY

Wala pa si Ka Dindo. Nasa kanya ang direktiba mula sa taas. Hanggat wala sya, hindi tayo puedeng magsimula.

KA ISMAEL

Anong oras ba darating si Mr. Isputing?

KA WENA

Alas-otso daw.

KA TIRSO

Mag-aalas diyes na ah!

KA ISMAEL

Eh di na kayo nasanay. Alam nyo naman yon si Kapampangan! Parang lagi na lang magkakabaret kung pumustura. Nagpaplantsa pa yon ng trubinize nya.

KA WENA

Pero di naman yon naaatraso ng ganito katagal!

Saglit na katahimikan. Magkakatinginan lamang sila.

**31. INT. UNDERGROUND HOUSE. LATER**

Lilipas ang ilan pang oras. Makikita sa kanila ang matinding pag-aalala sa maaaring sinapit ni Ka Dindo.

May ilang makakatulog na sa paghihintay.

Maya-maya'y may biglang kakatok sa pinto. Mapapa-igtad ang lahat.

Lalapit sa pinto si Ka Tirso.

KA TIRSO

Sino yan?!

BOSES (OS, UNDER)

Si Dindo to! Buksan nyo pinto!

KA TIRSO

Bakit ngayon ka lang?

BOSES (OS, UNDER)

Putangina, papasukin nyo ko!

Agad bubuksan ni Ka Tirso ang pinto. Nagmamadaling papasok si **KA DINDO**, late 20's, na hubo't hubad. Magugulat ang lahat.

KA ISMAEL

Tangina, ano't naka-bomba ka?!

KA DINDO

Naholdap ako! Pengeng damit, bilis!

Di agad matitinag ang lahat.

Ibubuyangyang ni Ka Dindo ang titi nya.

KA DINDO

Putangina, ano?! Panonoorin nyo na lang ako?!

Saka lamang maghahagilap ng damit sina Ka Wena at Ka Nancy.

KA TIRSO

Saan ka ba naholdap?

KA DINDO

Sa highway, bago kumanan ng bayan. Tangina lahat kinuha!

KA ISMAEL

Pati damit mo?

KA DINDO

Tangina, oo! Levi’s yung lonta ko, repaps! Tagal kong pinag-ipunan yon, brad!

Hahagalpak ng tawa sina Ka Ismael.

Iaabot ni Ka Wena ang damit kay Ka Dindo. Magsisimula siyang magbihis.

KA WENA

(Habang humahagikgik ng tawa)

Nakarating ka dito nang hubot-hubad?

KA DINDO

Anu pa nga ba? Nagtago muna ako sa talahiban. Hinintay ko lang maubos ang tao sa kalye. At saka ako kumaripas ng takbo.

KA ISMAEL

Pasalamat ka kay Makoy at may umiiral na curfew! Maagang nagsiuwian ang mga tao. May silbi din pala ang Bagong Lipunan!

Muling tawanan.

Beats.

KA NANCY

Alam mo bang alalang-alala kami sa yo? ‘Kala namin natimbog ka na!

KA ISMAEL

Uy, concerned kay Bomba King! May crush!

KA NANCY

Putang ina naman, Ka Ismael. Wag mo kong idamay sa mga kabulastugan mo.

KA ISMAEL

Joke lang naman yon, Ka Nancy! Eto naman, o. Di na ma-alaska.

KA TIRSO

Teka, teka! May mga dokumento bang nakuha sa yo?

A beat.

KA DINDO

Wala. Maliban sa sulat para sana sa anak nina Ka Henry. Nakasuksok sa maliit na bulsa. Ayun, natangay din.

Mapapa-isip si Ka Rollie.

KA ROLLIE

Binasa mo ba?

KA DINDO

Syempre hinde! Gago ba ko?

KA ISMAEL

Oo, isa’t kalahating gago…

Dismayadong lalakad palayo si Ka Nancy, bubulong ng “Tangina talaga…”

Lingid sa kanila, kanina pa sila pinapanood ni Hugo mula sa kwarto. Narining nya ang tungkol sa sulat.

Babalik si Hugo sa higaan at muling magsusulat sa kanyang kwaderno.

**32. INT. UNDERGROUND HOUSE. LATER**

Magsisimula ang pulong sa neutral na bahagi ng bahay.

KA DINDO

August 21 daw darating si Ninoy. Sigurado na yon. Kaya aligaga ngayon ang mga bataan ni Makoy, mga reps!

KA TIRSO

Ano ang directives mula sa central?

KA DINDO

Isang malawakang pagkilos bago pa man kanyang pagbabalik.

KA ROLLIE

Mas maingay na pagbabalik ng numero unong kritiko ni Makoy, mas mainam.

Mapapansing tawa ng tawa si Ka Ismael.

KA NANCY

Di ganon kasimple yon! Saan tayo pupulutin kung saka-sakali mag-succeed ang mga burgis sa kanilang political agenda?

KA ISMAEL

Tama si Ka Nancy. Paka-ingat tayo, mga kasama. Remember Banifacio and the Katipunan! Kung sa umaga, sa mga timawa ang pakikibaka, kinagabihan, pag-aari na ito ng mga elitistang naka-Levi's!

Lalo pa siyang bubunghalit ng tawa.

KA TIRSO

Ano ba ang nakakatawa ha?!

KA ISMAEL

Naalala ko lang ang patutoy ni Ka Dindo! Ay, kaliliit!

KA DINDO

Tarantado ka, Ka Ismael! Syempre maginaw!

Magtatawanan ang lahat, maliban kay Ka Nancy.

KA TIRSO

O, tama na! Tama na!

(A beat)

Aling sangay ang na-assign mag-organisa?

KA DINDO

Ang Lakbayan. Toka mo yan, Ka Tirso. Sasabay tayo sa ingay. Pangunahing isisigaw natin syempre ang pagreresign ni Apo Marcos.

KA TIRSO

Dapat protesta ito sa human rights violation against the indigenous. Yan first and foremost ang isinusulong ng Lakbayan. Para di tayo maakusahang nakikisawsaw lang!

KA DINDO

Pangalawa, i-mobilize ang simultaneous student protests. Pinakamainam kung dadaanin sa mass walk-outs sa oras mismo ng klase.

KA TIRSO

Sina Ka Ismael at Ka Nancy ang makikipagcoordinate sa mga student leaders. Si Ka Wena naman ang mag-rerevise ng mga polyeto, bilang sya ang itinalaga ng central sa propaganda.

KA WENA

Si Ka Rollie ang co-editor ko dito.

KA DINDO

Saan kayo mag-iimprenta?

KA ROLLIE

Dito na mismo. Malaki yung kwarto sa itaas.

KA NANCY

Marunong kang mag-operate ng mimeo?

KA ROLLIE

Oo, Ka Nancy. Si Ka Ipe nga ang nagturo sa akin eh.

Walang maisasagot si Ka Nancy.

Matatahimik ang lahat. Pasimple nilang susulyapan si Ka Nancy.

KA DINDO

Mag-iisang taon na pala noong tinambangan ang grupo nina Ka Ipe.

KA NANCY

Oo, Agosto yon. Galing sila sa isang presscon. Paglabas ng venue, niratrat agad sila ng nakaabang na mga PC. Siya at driver lang ang casualties. Yung reporter na kasama, marunong. Nagtago sa ilalim kaya di napuruhan.

KA ROLLIE

Nandoon ako sa noon prescon, Ka Nancy. Di ako pinasama ni Ka Ipe…

KA NANCY

Alam ko…

Itataas ni Ka Tirso ang kanyang baso.

KA TIRSO

Para kay Ka Ipe…

ALL

Ka Ipe!

Beats.

KA ISMAEL

At sa patutoy ni Ka Dindo!

Uupakan ng suntok ni Ka Nancy sa dibdib si Ka Ismael.

**33. INT.UNDERGROUND HOUSE. SAME NIGHT**

Tahimik na ang bahay at malalim na ang gabi. Maririnig pa rin ang pagkahol ng mga aso.

Di pa makatulog si Ka Nancy. Nakatitig lang ito sa labas ng bintana habang nagyoyosi sa sala.

Ilang saglit pa'y aakyat na ito sa itaas.

Makikita nyang nakabukas ang pinto sa kwarto ni Hugo. Sisilip sya. Gising pa si Hugo at nagdarasal ng Ama Namin. Mag-aaltanda ito.

KA NANCY

Bakit gising ka pa?

HUGO

Di po kasi ako sanay matulog mag-isa…

KA NANCY

Lagi ka bang nagdadasal bago matulog?

HUGO

Opo. Ang Tita po ang nagturo sa akin…

KA NANCY

Mabuti yan. Walang mawawala sa ‘yo.

(Beats)

Nga pala, sa prayers, pwede naman di Ama Namin. Kausapin mo lang si God na parang kausap mo Papa mo. Ganun lang.

HUGO

Yun daw po kasi ang sabi ni Jesus sa mga disciples. Magdasal ng Ama Namin.

KA NANCY

Hindi. Sabi nya, ganito kayo dapat magdasal. Di nya sinabi na i-memorize nyo ang Ama Namin!

Beats.

HUGO

Lagi po ba kayong nagbabasa ng Bible?

Beats.

KA NANCY

Oo, dati…

HUGO

Bakit po hindi na?

Walang maisasagot si Ka Nancy.

KA NANCY

Matulog ka na…

Lalabas ng kwarto si Ka Nancy.

KA NANCY

Uhm, Hugo, may request sana ako sa ‘yo?

HUGO

Ano po yon?

KA NANCY

Bukas ng gabi, puede mo ba kaming isama sa prayers mo?

Beats.

HUGO

Ano pong sasabihin ko kay God?

Matitigilan si Ka Nancy.

KA NANCY

Ibagsak Niya kamo ang pasistang rehimen, parusahan ang mga naghaharing uri, at iluklok ang Partidong Komunista…

A beat.

HUGO

Sige po…

KA NANCY

At patawarin nya kami sa aming magiging pagkakasala.

**34. INT. UNDERGROUND HOUSE. DAY**

Sa kwarto, tinetesting ni Ka Rollie ang mimeograph machine. Inihahanda naman ni Ka Wena ang content at layout ng polyeto.

Sa kusina, nagluluto ng sardinas si Ka Ismael. May maliit na TV sa cabinet. Balita ang palabas sa TV. Sa lamesa, nag-uusap si Ka Tirso,Ka Dindo at Ka Nancy tungkol sa “Simultaneous ang pagmamartsa at magcoconvene lahat ng sangay ng Lakbayan sa Quirino grandstand…”

Darating si Ka Rollie at ipapakita ang kopya ng polyeto kay Ka Tirso.

Bubuksan ni Ka Ismael ang mga lata ng sardinas.

KA DINDO

Yan ang tanghalian?

KA ISMAEL

Sardinas con lata! With chopped onions and crushed garlic.

KA DINDO

Engrande! Puta, ginulayan pa!

KA ISMAEL

Eh bisita ka namin e.

KA ROLLIE

Ka Ismael, sahugan mo ng konting sotanghon. Para maiba naman.

KA ISMAEL

O, e igigisado ko nga. Gusto mo sabawan ko ng konti para dumami.

KA ROLLIE

Pigaan mo kahit isang kalamansi, pang-alis lansa. Tapos konting paminta.

KA DINDO

Ang arte mo naman. Sardinas pa rin yan kahit ano ihalo mo. Malansa at mabaho.

KA ISMAEL

Kung ako lang, buksan ang lata, ibuhos sa kanin. Tapos!

KA ROLLIE

Yun na nga eh. Malansa at mabaho. Ano ba naman yung konti pang sahog?

KA DINDO

May kopya ka ba ng Marxist-Lenin-Mao Tse Tung undeground cook book? Pahiram naman!

KA TIRSO

Puede ba si Ka Ismael na lang ang magpasya kung paano ihahain ang punyetang sardinas na yan?

KA ISMAEL

Areglado, mga kasama!

Matatahimik si Ka Rollie. Iiwan nya ang pulong.

KA NANCY

(Pabulong)

Tangina, pati sardinas nadamay sa peti-burgis mentality…

Ipakikita sa TV ang isang pro-Ninoy rally. Mahahagip ng kamera ang isang grupo ng madre na nagmamartsa.

KA WENA

Uy, sina Sister Vida at Sister Remy, o. Sobrang konserbatibo nang dalawang yan noong nasa kumbento pa kami! Buti naman at nagising na sa katotohanan.

KA TIRSO

Ganyan ka-organized ang mga maka-kanan. Tayo pa ba namang mahilig mag-rally ang papalpak?

(A beat)

Not on my watch! Kung nagawa noon nina Ka Henry at Ka Olga ang mga pulido at swabeng pagkilos, magagawa rin natin ngayon.

KA DINDO

Bilib sa yo ang central, Ka Tirso. Wag kang mag-alala, buo at buhos ang suporta sa mga plano mo.

KA TIRSO

Siguraduhin mo, Ka Dindo. Tandaan nyo ang nangyaring bulilyaso sa Lakbayan Visayas noong isang taon. Lima agad ang natimbog sa kanila, di pa man umaarangkada. Kung sa planning stage pa lang, natunugan na, may malalim talagang problema. Di lang to simpleng kapalpakan ng sangay.

KA DINDO

Di lang sa Visayas. Marami na rin ang kaso ng disappearces sa Mindanao. Mukhang doon nila sinisumulan. Kaya alisto tayo dito sa Luzon.

KA ISMAEL

Oy, ‘di lang yan. Malakas na din ang bulong-bulungan na napasok na tayo ng mga ahente ng militar. Maging mapagmatyag, mga kasama…

Matatahimik ang lahat. Ihahain ni Ka Ismael ang ulam.

KA ISMAEL

Sardinas a la mode! Kain na!

Pagmamasdan lamang nila ito.

**35. INT. UNDERGROUND HOUSE. LATER**

Ilang oras pa'y aalis na si Ka Tirso, Ka Dindo, Ka Ismael at Ka Nancy. Isang mariing yakap at halik ang paalam ni Ka Tirso kay Ka Wena.

KA TIRSO

Babalik kami bukas o sa makalawa. Kakausapin lang namin ang mga sub-komite. Kumusta ang mga pamphlets?

KA WENA

Matatapos na. Kaunting revisions pa…

KA NANCY

(Kay Hugo)

Hugo, yung request ko ha.

HUGO

Opo…

**36. INT. UNDERGROUND HOUSE. LATER**

Nagsusulat si Hugo sa kanyang kwaderno. Nasa tabi nya ang CB radio. Maririning pa rin ang pagpasok ng static.

Maya-maya pa'y may maririnig na ibang boses si Hugo mula sa kung saan. Boses ng isang batang babae.

Lalabas sya ng bahay at hahanapin ang pinagmumulan nito. Mararating nya ang likuran ng bahay. Dito nya mabubungaran ang isang babaeng naglalaba, si **MELBA** (early 40's) at isang batang babae, si **ALELI** (10 years old) na naglalaro ng jackstone.

Darating si Ka Wena para iabot ang ilan pang labada.

KA WENA

Eto pa po, Aling Melba.

MELBA

Pakilapag mo na lang dyan.

Mapapansin niya si Hugo.

KA WENA

Hugo, si Aleli. Anak ni Aling Melba.

ALELI

Gusto mong sumali?

HUGO

Di ako marunong nyan eh.

Guguluhin ni Ka Wena ang buhok ni Hugo.

KA WENA

Eh di tuturuan ka ni Aleli.

ALELI

Oo nga! Madali lang to! Halika!

Agad lalapit si Hugo. Iiwan na sila ni Ka Wena.

Imumwestra ni Aleli kung paano ito laruin. Iaabot niya ang bola kay Hugo…”O, ikaw naman.”

Habang naglalaro:

ALELI

Saan ka nag-aaral?

Hindi sasagot si Hugo.

ALELI

Ako, dyan sa San Clemente Elementary School. Malapit lang dito.

HUGO

Anong grade mo na?

ALELI

Grade 3, section 3, Row 2.

(A beat)

Ikaw?

HUGO

Grade 3 din, section 1.

ALELI

Magaling ka ba sa Math? Yun kasi ang favorite subject ko. Sabi ng nanay, magiging teacher daw ako paglaki.

HUGO

Favorite ko, Araling Panlipunan at Pilipino.

ALELI

Ano gusto mong maging, paglaki mo?

HUGO

Di ko pa alam e.

ALELI

Eh saan ka magaling?

HUGO

Sa pagsulat ng kwento…

ALELI

Ay, baka maging writer ka sa komiks! Lagi kaming nagbabasa ng nanay ng Plipino Klasiks, Aliwan at Wakasan. Di ba, nay?

MELBA

Puro ka nga komiks e. Mas kilala mo pa si Zuma, kesa sa pambansang bayani!

ALELI

Oo, lagi kong binabasa kwento ni Zuma sa Aliwan komiks!

HUGO

Zuma?

ALELI

Meron syang dalawang ahas sa leeg, kulay green ang balat nya at di sya namamatay!

(A beat)

Mahilig syang kumain ng puso ng babaeng birhen.

HUGO

Ha? Bakit puso?

ALELI

Ewan, basta yun ang paborito nya eh!

Maiiling si Aling Melba.

Iiwan natin ang mga bata dito.

**37. EXT. ALONG RECTO. DAY**

Naglalakad si Carmela sa kaloob-looban ng mga pwesto sa Recto. Maririnig sa mga vendors ang “Diploma, maam?” “Passport?” at “Birth certificate?”

Titigil sya sa isang printing shop.

TITA CARME

Benny…

Makikita siya ni **BENNY** (mid 40’s) na abalang nagreretoke ng passport.

BENNY

Uy, suki! Ano’ng ‘pagawa mo? Marriage contract?

TITA CARME

Tarantado, masaya na ko sa pagiging single…

(A beat)

Birth certificate pa rin. Gaya ng dati…

BENNY

Areglado…

Isang komosyon ang maririnig sa di kalayuan. Isang lightning rally ang nagaganap sa main road. Agad din silang magpupulasan. Maririnig ang pagsilbato ng pulis at wang-wang.

Makakaramdam ng matinding takot si Tita Carme.

TITA CARME

(Kay Benny)

Gawin mo nang dalawa ang birth certificate. Magkaibang pangalan.

**38. INT. UNDERGROUND HOUSE. NIGHT**

Sa silid ni Hugo, muli siyang nagsusulat sa kwaderno. Tumutugtog naman ng gitara si Ka Rollie. May kung anong kanta siyang nililikha.

Mamatay ang ilaw. Brownout. Lalabas si Hugo at tatawagin si Ka Wena.

HUGO

‘Te Wena?

Pupunta siya sa kwarto ni Ka Wena. Makikita niyang papalabas mula sa isa pang kwarto si Ka Rollie, na may dalang flashlight. Iaabot niya ito kay Hugo.

KA ROLLIE

Gusto mo samahan kita?

HUGO

Wag na po. Kailangan ko lang po ng ilaw.

Muling babalik si Hugo sa kwarto. Pagmamasdan siya ni Ka Rollie. Muli siyang makakaramdam ng awa para sa bata.

Uupo si Hugo sa kama at tatanglawan ang kwaderno. Ipagpapatuloy niya ang pagsusulat. Maririnig niya ang musika mula sa gitara ni Ka Rollie.

Sa isa pang kwarto, di rin makatulog si Ka Wena. Ang malungkot na musika ay nakadaragdag pa sa pangungulila niya.

Lilipas ang magdamag at makakatulog si Hugo.

Ilang sagit pa'y may papasok na mensahe sa radyo: "Break, break, this is Henry, do you read me? Over. Break, break…"

Di nito magigising ang mahimbing nang natutulog na si Hugo.

**39. EXT. UNDERGROUND HOUSE. DAY**

Kinaumagahan. Pagdilat ni Hugo, makikita nya si Ka Wena na nakaupo sa kanyang tabi, binabasa ang kanyang kwento.

Mahahalata ni Ka Wena na di komportable si Hugo sa kanyang ginagawa.

KA WENA

Sorry, ha. Nakita ko kasing nakakalat sa sahig.

(A beat)

Tara, mag-almusal na tayo.

Sa hapag-kainan, maririnig sa radyo ang report ukol sa ilang biktima ng salvaging, kung saan ang mga bangkay ay kinakitaan ng bakas ng torture. Walang pagkakakilanlan sa mga biktima.

Maririnig ito nina Ka Wena at Ka Rollie. Mahahalata sa mga mukha nila ang takot.

Tatayo si Ka Rollie at papatayin niya ang radyo.

KA ROLLIE

Di mo naitatanong, Ka Wena, mahilig din magsulat itong si Hugo.

KA WENA

Talaga?

Di kikibo si Hugo.

KA WENA

Alam mo ba na sa college pa lang, magkasama na kami ng Mama mo? Pareho kaming sumusulat para sa publication ng underground student movement. Di nagtagal, sya na ang naging editor. Doon sila nagkakilala ng Papa mo!

Titigil sa pagkain si Hugo at makikinig.

KA WENA

Matagal din niligawan ni Ka Henry si Ka Olga. Di nya kasi type Papa mo e. Peti-burgis daw kasi!

KA ROLLIE

Eh ano ba tipo ni Ka Olga?

KA WENA

Lagi nyang sinasabi sa ‘kin na nagwagwapuhan sya kay Kumander Dante.

HUGO

Ano po yung peti-burgis?

KA WENA

Peti-burgis…anak-mayaman…utak-mayaman…

(Beats)

Pero napatunayan ng Papa mo na kulay ng balat lamang niya ang burgis, hindi ang kanyang puso at pag-iisip.

(A beat)

Pero gwapo talaga ang Papa mo! Matalino pa. One of the best and brightest of our generation. Silang dalawa ng Mama mo…bagay sila, sa totoo lang.

KA ROLLIE

Mahusay din magsalita si Ka Henry, di ba? Madalas ko siyang napapakinggan noon sa mga rally. Inaabangan ang bawat pag-akyat nya sa stage. Paghawak nya ng trompa, matatahimik na ang lahat at makikinig.

Beats.

KA ROLLIE

Hugo, gusto mo bang magpatulong kay Ate Wena mo? Dati siyang teacher.

Titingin si Hugo kay Ka Wena. Tatango si Ka Wena.

KA WENA

Nagturo ako sa mga settlement areas ng indigenous groups.

HUGO

Ano pong subjects?

KA WENA

Kahit ano. Pero ang pinakapaborito ko sa lahat ang Pilipino at Panitikan.

(A beat)

Maaari kitang tulungan sa pagsusulat mo ng kwento…

Beats.

HUGO

Sige po!

Mula sa di kalayuan, maririnig nila ang pagtugtog ng Lupang Hinirang. Mapagtatanto nilang nanggagaling ito mula sa isang paaralan.

Beats.

HUGO

Puede po ba akong pumasok sa school malapit dito?

Di makakasagot ang dalawa.

KA WENA

Kung sa akin lang, Hugo, walang problema. Pero hintayin muna natin ang desisyon ng mga Mama at Papa mo ha.

(A beat)

Pansamantala, ako muna ang teacher mo. Okay lang ba?

HUGO

Opo, ‘Te Wena

**40. INT. UNDERGROUND HOUSE. DAY**

Montage:

(1)Ipinapakita ni Hugo kay Wena ang mga lumang textbooks mula sa dati niyang paaralan. Mariringgan ng pagkasuya si Wena dahil outdated na ang mga librong pinapagamit sa mga estudiante.

(2)Katulong si Ka Rollie, magsisimula silang turuan si Hugo. Matyaga namang ibinabahagi ni Ka Wena ang karanasan niya sa mga indigenous groups. Makikita ni Hugo ang ibat-ibang larawan at kultura nila.

(3) May suhestiyon si Ka Rollie. Maririnig nating: “Gawing mong tatlo ang ulo ng halimaw. Simbolo ng feudalismo, capitalismo, imperialismo …” Sasang-ayunan ito ni Hugo. Sa puntong ito, napapalagay na ang loob ni Hugo sa mga kasambahay.

(4)Matamang nakikinig sina Ka Wena at Ka Rollie habang binabasa ni Hugo ang sinusulat niyang kwento:

HUGO

SI GARUDA, ang halimaw na kumakain ng bata…

Noong unang panahon, sa maliit na nayon ng KALINTANG, nakatira ang mga IBANOY. Pagtatanim ng mais ang kanilang ikinabubuhay. Laging

maganda ang ani at maraming pagkain ang mga Ibanoy. Mabait sa kanila ang kalikasan.

Ngunit nabago ang lahat noong gabi na bilog ang buwan. Biglang dumating ang mga kulisap at kinain nila ang mga tanim. Kinabukasan, nakita ng mga Ibanoy na walang natira sa bunga ng mais.

Laking gulat nila nang mula sa langit, isang halimaw na tatlo ang ulo at may pakpak na gaya ng agila ang lumapag sa gitna ng mga pananim.

Natakot ang mga Ibanoy. Nagsalita ang halimaw. “Muli akong magpapadala ng kulisap upang kainin lahat ng inyong pananim!” sabi nya.

“Ano ba ang kasalanan namin sayo at ginagawa mo to?!” sigaw ng punong Ibanoy.

Dito na sinabi ni Garuda ang totoo niyang gusto.

“Bigyan nyo ako ng isang bata na aking kakainin! Tuwing kabilugan ng buwan ay babalik ako! Kung di kayo susunod ay magpapadala ako ng mga kulisap para kainin lahat ng inyong pananim! At lalasunin ko ang ilog para mamatay ang mga isda!”

**41. INT. UNDERGROUND HOUSE. DAY**

Sa sala, tila may hinihintay si Hugo. Patingin-tingin siya sa orasan.

Maya-maya pa’y makikita nya sa tarangkahan si Aleli, na nakasuot pa ng school uniform.

Agad nya iyong pagbubuksan ng pinto.

ALELI

Hugo, dala ko na!

HUGO

Asan?

Mula sa kanyang bag, ilalabas ni Aleli ang ilang sipi ng Aliwan komiks.

ALELI

Ayan, madami yan. Para mabasa mo kwento ni Zuma!

HUGO

Wow! Ang dami! Thank you, ha!

(Beats)

Uuwi ka na?

ALELI

Oo…

HUGO

Dito ka muna. Samahan mo ko.

ALELI

Sige…

Excited na babasa-basahin ni Hugo ang mga komiks.

ALELI

Kelan ka papasok sa school?

HUGO

Di ko pa alam e. Pagdating ng Tita Carme, baka mag-enroll na ko.

ALELI

Sana magkaklase tayo!

HUGO

Oo nga!

**42. INT. UNDERGROUND HOUSE. MOMENTS LATER**

Binabasa nina Hugo at Aleli ang komiks.

Maya-maya pa’y magigitla sila sa pagkatok sa pinto. Agad siyang sisilip sa bintana.

Makikita niya si Tita Carme na naghihintay sa trangkahan. Lilinga-linga pa itong inaalam ang paligid.

Bababa sina Ka Wena at Ka Rollie.

KA WENA

Sino yon, Hugo?

HUGO

Si Tita Carme! Aleli, nandyan na Tita Carme ko!

Agad nyang papapasukin ang tiyahin.

HUGO

Tita Carme!

TITA CARME

Hugo! Dyuskopo, aba'y miss na miss ko na itong alaga ko!

(Beats)

Na-miss mo ba ko?

HUGO

Syempre naman po!

(Beats)

Tita, si Aleli po, kaibigan ko.

TITA CARME

Hi! Buti naman at may nakakalaro itong pamangkin ko!

ALELI

Hello, po. Sige Hugo, uuwi na ko ha. Baka hinahanap na ko ng nanay.

HUGO

Okay. Bukas uli ha?

ALELI

Oo ba!

Lalabas ng bahay si Aleli.

Hihilahin ni Tita Carme si Hugo sa isang tabi.

TITA CARME

(Pabulong)

May pasalubong ako sa yo. At eto…

Ipapakita niya kay Hugo ang bago nitong birth certificate at school records.

TITA CARME

Mainit-init pa. Galing Recto.

Babasahin ito ni Hugo.

HUGO

Hugo F. Cabiles…

TITA CARME

Yan na ang bago mong pangalan! Puede ka nang mag-enroll uli sa eskwelahan.

Makikita sa mukha ni Ka Wena ang pagtutol.

KA ROLLIE

‘Ta Carme, napag-usapan na po namin ni Hugo na dito muna sya sa bahay mag-aaral. Si Ka Wena na po muna ang magtuturo sa bata.

TITA CARME

Huh? Iba pa rin ang tunay na eskwelahan. Aba’y maawa kayo sa bata.

KA WENA

Naiintidihan pa namin yan. Kaya lang medyo mainit pa po ang sitwasyon ngayon.

KA ROLLIE

Bilang natokang guardian ni Hugo, minabuti po namin na dito muna sya.

TITA CARME

Eh ano ako dito? Yaya lang? Di na puedeng magdesisyon? Ako ang nagpalaki kay Hugo!

Hindi na sasagot sina Ka Rollie.

Akay-akay si Hugo, iiwan sila ni Tita Carme.

**43. INT. UNDERGROUND HOUSE. NIGHT**

Habang inilalabas ni Tita Carme ang kanyang mga damit, may mga mumunting papel na binabasa si Hugo, karamiha’y palara ng sigarilyo.

TITA CARME

Ano yan?

HUGO

Mga lumang sulat po galing kina Mama at Papa.

Beats.

TITA CARME

Hayaan mo, siguradong pag nakahanap sila ng paraan, makapagpapadala uli sila…

Beats.

HUGO

Tita…

TITA CARME

Ano yon?

HUGO

Pagod ka na ba?

TITA CARME

Ano?!

HUGO

Sa pag-aalaga sa akin…

Beats.

TITA CARME

Syempre, hindi!

(A beat)

Teka, ikaw? Pagod na?

Di sasagot si Hugo.

Ititigil ni Tita Carme ang kanyang ginagawa.

TITA CARME

Di kita masisisi kung nahihirapan ka na sa buhay natin. Pero lagi mong tatandaan na iba ka sa karaniwang bata ha. Espesyal ka. Kahit mahirap at mapanganib, kasali ka sa pakikipaglaban sa demonyong gobyernong to! Espesyal ka! Mas makabuluhan ang buhay mo kesa sa kung sino-sinong hinayupak na bata dyan! Malinaw ba?!

HUGO

Opo…

(A beat)

Di ka ba natatakot sa mga pulis at sundalo?

TITA CARME

Natatakot, syempre. Di para sa akin, kundi para sa yo. Kung may malilipatan lang, agad-agad kitang ilalayo dito.

HUGO

Okey naman po ako dito. Mababait sina Ate Wena at Kuya Rollie.

TITA CARME

Basta hahanap ako ng malilipatan. Kahit mangutang pa ako sa bumbay ng pang-down sa apartment!

Tatahimik na si Hugo.

Beats.

TITA CARME

Ilang linggo na lang, birthday mo na…

(A beat)

Ang pangako ng Papa mo, magkikita kayo sa araw na yon.

(A beat)

Hwag kang mag-aalala, matataas ang ranggo ng mga magulang mo, gagawan at gagawan nila ng paraan para makababa mula sa bundok at magkasama kayong tatlo.

HUGO

Tayong apat…

TITA CARME

Tama…

Mapapansin ni Tita Carme na may tila iniisip si Hugo.

TITA CARME

May problema ba, anak?

HUGO

Wala po. Naalala ko lang ang sinabi ng teacher ko sa History.

TITA CARME

O, ano daw?

HUGO

Si Andres Bonifacio, dalawang beses daw namatayan ng anak. Ganon din po ang nangyari sa beybi ni Jose Rizal…

TITA CARME

O, ngayon?

HUGO

Naisip ko lang po na pag bayani pala, dapat walang anak.

TITA CARME

Bakit naman?

HUGO

Kasi po di ba pag bayani, pinapatay? Eh di kawawa naman ang kanilang mga anak…

Walang maisasagot si Tita Carme.

**44. INT. UNDERGROUND HOUSE. NIGHT**

Nakaharap si Hugo at Tita Carme sa cassette recorder. Muli nyang isasalang ang tape. Pipindutin ni Tita Carme ang record.

Beats.

TITA CARME

O, magsalita ka na…

Ilalapit ni Hugo ang ulo sa recorder. Subalit walang salita ang lalabas mula sa kanya.

Aktong magsasalita sana si Tita Carme, subalit magpipigil siya. Aantayin na lamang niyang magsimula si Hugo.

Dahil wala ni isang salita, papatayin na ni Tita Carme ang record mode.

TITA CARME

Kung gusto mo, bukas na lang. Baka inaantok ka na…

## **ACT 2**

**45. EXT. TOWN. MORNING**

Makikita ang glimpses ng buhay at snippets ng lugar sa paligid ng UG house.

**46. EXT/INT. UNDERGROUND HOUSE. MORNING**

Lalabas ng bahay si Tita Carme, labit-labit ang isang bayong.

Magigising nang maaga si Hugo. Tulog pa sina Ka Rollie at Ka Wena. Maghihilamos siya at magsisipilyo.

Maririnig natin sa radyo ang ulat tungkol sa napipintong pagbabalik ni Ninoy Aquino. Gayundin ang isinasagawang opensiba ng militar laban sa mga armadong komunista sa kanayunan.

Papatayin ni Hugo ang radyo.

**47. EXT. UNDERGROUND HOUSE NEIGHBORHOOD. CONT.**

Lalabas ng bahay si Hugo, hanggang sa bakuran lang. Mapapansin niyang wala pang tao sa kalsada, maliban sa naglalako ng pandesal.

Magsisimula siyang maglakad.

Sa isang tindahan, naka-display ang mga panindang tabloids. Isang headline ang nagsasabing “3 LALAKI, SINALVAGE”. Sa isang dyaryo ang “SINDIKATONG NANGUNGUHA NG BATA GUMAGALA”.

Bago ang mundong nilalakaran niya. Di niya namamalayan na palayo na siya nang palayo. Makikita niya ang isang grupo ng mag-aaral na papasok pa lang ng eskwelahan. Susundan niya ang mga ito.

Mararating ni Hugo ang paaralan.

Marahil ay nananabik, sasampa siya sa bakod para mabistahan ang loob nito. Pagmamasdan niya ang mga estudyanteng maayos na nakapila para sa flag ceremony.

Muling tutugtugin ang Bagong Lipunan. Magbabalik sa alaala ni Hugo ang “normal” nyang buhay sa piling ng mga kaklase.

Ngunit sa di nya matantong kadahilanan, sa kanyang pag-alala, WALANG MGA MUKHA ang sinuman, maging ang kanyang kaibigang si Rosalie.

Mababalam ang pag-iisip ni Hugo ng pagsigaw ng isang babae ng “Magnanakaw! Ninakaw ang bag ko!”. Isang snatcher ang tumatakbo patungo sa kanyang direksyon. Humahabol ang isang pulis.

Matitigilan si Hugo, di sya makagagalaw. Mabubundol sya ng snatcher. Babarandal si Hugo sa pader.

Mawawalan ng malay si Hugo.

**48. INT. CLINIC. LATER**

Magigising si Hugo sa loob ng isang clinic. May benda na siya ulo. Mapapansin siya ng nurse.

NURSE

Ayan, gising ka na. Ano’ng pangalan mo, bata? Taga-saan ka? Sinong magulang mo?

Hindi agad makasasagot si Hugo.

HUGO

Hugo Calderon po. Hugo Cabiles…Balyaon!

Sa pag-aakalang wala pa sa tamang ulirat si Hugo, lulubayan na siya ng nurse.

NURSE

Naku, mukhang tuliro ka pa. Sige, magpahinga ka muna dyan, ha…

Maiiwan si Hugo sa cubicle.

Dahan-dahang tatayo si Hugo at buong ingat na lalabas ng clinic. Hindi siya mapapansin ng doktor at nurse.

**49. INT. TOWN ROADS. CONT.**

Tuluyan nang makakalabas mula sa clinic si Hugo. Paglabas na paglabas ay bubungad ang katapat na police station. Nakatambay lang sa labas ang mga pulis. Sa pakiwari niya ay tinititignan din siya ng mga ito. Iiwas ng tingin si Hugo. Mas bibilisan pa niya ang paglalakad. Walang lingon-lingon, wala ring direksyon.

Mararating ni Hugo ang mataong bahagi ng bayan. Naliligaw na siya. Magsisimula siyang magtanong ng direksyon.

RANDOM TAO

Eh saan ba ang address mo?

HUGO

Ho? Di bale na lang po. Salamat po…

Force of habit na di magbibigay ng impormasyon si Hugo patungkol sa kanilang lokasyon. Sa halip ay:

HUGO

Saan po dito may malapit na eskwelahan?

RANDOM TAO

Aling Mababang Paaralan? Maraming eskwelahan dito.

Wala ring maisasagot si Hugo.

Patuloy siyang maglalakad at magbabaka-sakali.

Makikita niya ang ilang METRO AIDE na nagpipintura ng center islands. Mababasa pa natin ang mga vandalismong kanilang tinatakpan: "MABUHAY ANG ARMADONG

PAKIKIBAKA! MABUHAY ANG CCP-NDF-NPA!” “MARCOS HITLER DIKTADOR!” “MARCOS TUTA NG KANO!”

Lalapitan niya ang isa at pagtatanungan.

METRO AIDE

Aba’y oo di lang dalawa ang eskwelahan dito. Kung gusto mo, antayin mo lang akong matapos dito at iisa-isahin nating puntahan. Malay mo, matsambahan natin. Ayos ba?

Wala nang magagawa si Hugo kundi ang pumayag. Hihintayin nyang matapos ang pagwawalis ni Manang. Mauupo sa pasilyo si Hugo. Makakatulog siya sa paghihintay.

Gigisingin si Hugo ni manang metro aide. May dala itong pagkain.

METRO AIDE

O, totoy, kumain ka muna’t baka malayo pa lalakarin natin. Nasaan ba’ng mga magulang mo? Ano bang trabaho nila?

Hindi agad makakasagot si Hugo. Makakaisip siya ng kwento.

HUGO

Ang tatay ko po nasa Saudi, naghuhukay ng langis. Ang nanay ko naman po mananahi ng damit sa Taytay.

Magsisimula silang maglakad. Sa kabutihang palad, matatanaw ni Hugo ang eskwelahang malapit sa kanilang bahay. Magpapaalam siya kay manang. Magpapasalamat.

METRO AIDE

Ano nga uli pangalan mo, bata?

HUGO

Hugo po!

METRO AIDE

Hugo ano?

HUGO

Hugo…Hugo Cabiles…

METRO AIDE

Cabiles?! Aba, baka kamang-anak mo ang…

HUGO

Sigo po, salamat po uli, manang!

Agad nang tatalilis ng takbo si Hugo, bago pa humaba ang tanungan.

**50. EXT/INT. UNDERGROUND HOUSE. CONT**

Mararating ni Hugo ang bahay. Katanghalian na. Saradong-sarado ang bahay. Di muna siya papasok sa gate. Pagmamasdan muna ni Hugo ang paligid. Lalagpasan niya ang bahay at papasok sa likuran nito. Aakyatin niya ang bakod. Bubuksan niya ang pintuan, subalit nakakandado ito. Mauupo si Hugo sa bangko at maghihintay.

Maya-maya pa'y dadating na si Tita Carmela. Agad siyang yayakapin nito. Hihilahin niya ito papasok sila sa bahay.

TITA CARMELA

Lintek kang bata ka! Alam mo bang hanggang ngayon ay hinahanap ka pa nina Rollie at Wena?! Saan ka ba nagsuot ha?! Ano nangyari dyan sa ulo mo?!

Walang maisasagot si Hugo.

TITA CARMELA

Dahil dyan sa ginawa mo, inilagay mo kaming lahat sa alanganin!

Saka lang magsi-sink in kay Hugo ang sitwasyon. Papasok na lamang siya sa kwarto. Kukunin niya ang kwaderno at muling magsusulat.

**51. EXT. ROADS. CONT.**

Naglalakad sina Ka Rollie at Ka Wena sa kalye. Palinga-linga sila. Bakas sa mukha nila ang matinding takot.

Masusumpungan nila ang isang police station.

KA WENA

Magtanong tayo. Baka sakali…

Di agad makasasagot si Ka Rollie. Aktong lalakad patungo sa station si Ka Wena. Pipigilan sya ni Ka Rollie.

KA ROLLIE

Wag, ako na. Ang mabuti’y maghiwalay tayo ng paghahanap.

KA WENA

Sige. Alas-dos en punto, dapat pareho na tayong nakabalik sa bahay, nahanap man si Hugo o hindi.

KA ROLLIE

Noted.

KA WENA

Alas-dos!

Bantulot na pupuntahan ni Ka Rollie ang police station.

Lalapitan nya ang desk.

KA ROLLIE

Sir, gandang umaga. Baka po may nagreport na sa inyong nawawalang bata. Hinahanap ko po kasi ang kapatid ko.

POLICEMAN

Ano’ng pangalan?

KA ROLLIE

Hugo…

POLICEMAN

Hugo ano?

Walang mahagilap na sagot si Rollie

POLICEMAN

Kapatid mo, di mo alam ang apelyido?!

Isang ingay sa di kalayuan ang iistorbo sa kanilang usapan. Maririnig ang paghiyaw ni Ka Wena. Dinadampot siya ng mga pulis.

KA WENA

Ako si Felicidad Guillermo! Isang guro! Taga-San Juan! Inaaresto nila ako ng walang dahilan! Ako si Felicidad Guillermo!

Matutulala si Ka Rollie.

Pabalibag na isasakay sa van si Ka Wena. Haharurot palayo ang van.

POLICEMAN

Sir, ano'ng pangalan ng bata?

Lalakad palayo si Ka Rollie.

**52. INT. UG HOUSE. LATER**

Pinapakain ni Tita Carme si Hugo. Ilang saglit pa'y darating na si Ka Rollie.

Bakas sa mukha niya ang matinding takot at pagod.

TITA CARME

O, Rollie…nandito na si Hugo.

Tulala pa ring papasok si Ka Rollie sa bahay. Uupo ito sa sofa.

TITA CARME

Anong nangyari sa yo? Si Wena, nasaan?

Parang walang naririnig si Ka Rollie. Nagmamasid lang mula sa kwarto si Hugo.

Magsisimulang magkwento si Ka Rollie.

KA ROLLIE

Si Ka Wena, nadampot ng mga pulis…

TITA CARME

Ay, Dios ko po!

KA ROLLIE

Mabilis ang pangyayari. Huli na nang makita ko sya!

Babakas sa mukha ni Hugo ang matinding takot. Isasara nya ang pinto at uupo sa isang sulok. Iiyak si Hugo at uusal ng dasal.

**53. INT. UNDERGROUND HOUSE. NIGHT**

Kinagabihan, makikitang ibabarandal ni Ka Tirso si Ka Rollie sa dingding, habang:

TIRSO

Wala ka man lang ginawa putangina ka!Sarili mo lang inisip mo! Tumakas ka at iniwan sa mga demonyong pulis ang aking asawa!

ROLLIE

Ano ba magagawa ko?! Mabilis ang pangyayari!

Magpapambuno ang dalawa. Di naman magawang maghihiyaw ni Tita Carme. Ayaw niyang makatawag pansin.

Sa huli, parehong kakawala at titigil sina Ka Rollie at Ka Tirso. Humihingal silang hihilata sa sahig.

Tatayo si Ka Tirso at muling lalabitin ang kanyang backpack.

TITA CARME

O, saan ka pupunta?

KA TIRSO

Hahanapin ko si Wena…

Agad lalabas ng bahay si Ka Tirso.

Maiiwan si Ka Rollie na nakaupo pa rin sa sahig. Titignan niya si Hugo. Di niya alam kung kanino siya magagalit. Kung sa sarili o sa bata.

Lalapitan siya ni Hugo.

HUGO

Sorry po, Kuya Rollie…

Yayakapin siya ng mahigpit ni Ka Rollie, habang parang bata itong mag-iiiyak.

## ACT 3

**54. INT/EXT. UNDERGROUND HOUSE. DAY**

Makikita natin si Hugo at Tita Carme na tulala sa harap ng TV. Pinakikita dito kung paano mula sa pagbaba sa eroplano ay tinambangan si Ninoy Aquino.

Papaalis na sila. Nakahanda na ang maleta at duffle bag.

Lalabas si Ka Rollie mula sa kwarto bitbit ang kanyang gamit.

Saglit nyang papanoorin ang balita tungkol kay Ninoy. Interesado man, yayayain na nya ang magtiya na umalis na. Papatayin ni Hugo ang TV.

Iiwan ni Hugo ang mga sipi ng Aliwan komiks sa lamesita.

Lalabas sila ng bahay. Mapapansin kung paano ibubuwal ni Tita Carme ang isang paso ng halaman.

Hahagurin ni Hugo ng tingin ang paligid, may hinahanap. Mapapansin niya ang group ng mga batang babae. Wala si Aleli dito.

**55. EXT. ROADS. LATER**

Nakasakay ng van sina Ka Rollie, Hugo at Tita Carme. Binabagtas nila ang isang highway. Walang kibuan.

Mararating ng grupo ang isang estasyon ng bus. Bababa sila at lalakad palapit sa isang owner type jeepney. May nakaupo sa driver seat. Kakausapin ito ni Ka Rollie.

KA ROLLIE

Kelan darating ang bagyo?

DRIVER

Sa makalawa…

Sasakay sila sa jeep.

**56. INT. 2ND UNDERGROUND HOUSE. NIGHT**

Mararating nila ang isang bahay. Sasalubungin sila ng dalawang matandang mag-asawa. Magiliw silang patutuluyin ng mga ito.

OLD MAN

Ah, ikaw pala ang anak nina Ka Henry at Ka Olga! Tumira dito noon ang mga magulang mo!

(To wife)

Mga ilang buwan din yon, di ba?

OLD WOMAN

Matagal-tagal din. May naiwan pa nga silang mga damit.

(Kay Hugo)

Gusto mo bang makita?

HUGO

Opo!

Sa sala, makikita ang larawan ng isang lalaki (mid 20’s). Pagmamasdan ito ni Ka Rollie. Isang tinig ang babalam sa kanya:

OLD MAN

Mag-iisang taon na rin mula nang dukutin si Robert. Lahat na ng koneksyon namin ginamit na, di pa rin sya inilalabas ng military. Wala daw sa kanila si Robert.

KA ROLLIE

Hwag ho kayong mawawalang ng pag-asa. Tuloy pa rin ang campaign ng kilusan sa panawagang ilabas na si Robert. Di ho kami titigil.

OLD MAN

Salamat.

Makikitang magpapaalam si Ka Rollie kay Tita Carme.

KA ROLLIE

Tita Carme, aalis muna ko. Aattend lang ako sa assembly ng Sandatahang Propaganda. Malaki po kasi ang changes sa mga plano, dahil sa assassination kay Ninoy. Mga isang linggo din po yon.

TITA CARME

O, sya, e sige. Ingat ka ha.

KA ROLLIE

Opo…

(Beats)

Tita…

TITA CARME

Wag ka nang humingi ng pasensya. Di kailangan. Hindi sa akin, hindi sa kilusan, lalong hindi kay Hugo. Iisa man ang kalaban natin, may kanya-kanya pa rin tayong ipinaglalaban. May dahilan kung bakit kami nandito ni Hugo. Ituloy mo lang ang sa iyo.

Tatango si Ka Rollie, kapagdaka'y ngiti.

May iaabot siya kay Hugo. Isang piraso ng palara na nakabilot.

KA ROLLIE

Galing sa Mama at Papa mo…

HUGO

Paano nyo po to nakuha?

KA ROLLIE

Kay mamang driver kanina…

Beat.

HUGO

Magkikita po ba tayo uli, Kuya Rollie?

ROLLIE

Oo naman! Ikaw pa! Mami-miss kita, syempre. Tapusin mo ang kwento ni Garuda ha. Gusto kong malaman kung paano nila matatalo ang halimaw na may tatlong ulo.

(Beats)

Advanced happy birthday nga pala ha…ikumusta mo na lang ako kina Ka Henry at Ka Olga pag nagkasama na kayo…

Aalis si Ka Rollie. Pipigilan siya ni Hugo.

HUGO

Kuya! Gusto mo bang marining ang kwento? Natapos ko na sya…

Tatango si Ka Rollie.

Sa pasimano sa likuran bahay nakaupo sina Ka Rollie at Hugo. Dito babasahin ni Ka Rollie ang kwento ni Garuda:

KA ROLLIE (VO)

Dumating ang araw na naubos na ang mga bata sa Kulintang. Dahil dito'y nagalit si Garuda at pinakain sa mga kulisap ang mga tanim na mais.

Gutom na gutom na ang halimaw. Lumipad ito para humanap ng mga batang makakain.

Mararating ni Garuda ang bayan ng Kalipud. Pero wala syang makita kahit isang bata. Puro matatandang lalaki at babae lamang ang nakatira dito.

Alam na pala ng mga taga Kalipud ang nangyari sa Kulintang. Kaya itinakas nila sa malayong lugar ang mga bata. Ang mga babae naman ay di na nagkaanak dahil sa sobrang takot sa halimaw.

Muling lumipad si Garuda para humanap ng iba pang mabibiktima…

**57. EXT. ROADS. DAY**

Pansamantala nating iiwan si Hugo. Susundan natin si Ka Rollie, habang sakay ng jeep. Muli silang makakasumpong ng check point. Kapansin-pansing mas marami ang nakabantay ngayon, mahahaba ang dala.

Mahigpit ang magiging inspeksyon. Bagama't kalmado at sanay nang humarap sa ganoong sitwasyon,  makakadama pa rin ng takot si Ka Rollie, dahil sa wari nya'y diskumpyado sa pagmumukha nila ang sundalo.

Mararamdaman natin ang tensyon na maaaring ito na nga ang oras ni Ka Rollie.

Subali't huhudyatan na sila ng lider ng checkpoint. Malinis daw sila. Walang sasayangin na sandali ang driver, agad niyang paaandarin ang jeep.

Dadako sila sa isang di mataong lugar. Naghihintay doon ang isa pang van. Bababa si Ka Rollie at magpapaalam sa driver ng jeep.

Lalapitan ni Rollie ang nasa manibela ng van.

KA ROLLIE

Kelan ang binyag?

DRIVER

Sa Huwebes…

Sasakay si Ka Rollie sa van. Sa halip na dumaan sa main road, babagtasin nila ang rough road. Makitid ang daan at masukal ang paligid.

KA ROLLIE

Alam mo ba kung saan ang lokasyon?

DRIVER

Hindi. Ang sabi lang ay ihatid kita sa terminal ng Tulyahan. Doon yata kayo magkikita-kita ng iba pang kasama mo.

Kabisado ni Ka Rollie ang daan. Mapapansin niyang iba ang nililikuan ng driver. Magtatanong siya.

KA ROLLIE

Bakit dito tayo dumaan?

DRIVER

Nag-iingat lang, ser…

Mas mauga pa ang dadaanan nila. Mababalahaw sa putik ang gulong. Di sila makakausad. Bababa si Ka Rollie para itulak ang van. Makakaahon ang van. Matatalsikan ng putik si Ka Rollie.

Haharurot bigla ang van. Maiiwan si Ka Rollie. Pilit niyang hahabulin ang van. Madadapa si Ka Rollie. Titigil ang van. Muling sasakay si Ka Rollie.

**58. EXT. ROADS. HOURS LATER**

Mararating nina Ka Rollie ang isang tagong bahagi ng hi-way. Naghihintay dito ang isa pang van. Di kita ang loob nito.

Sasakay si Ka Rollie. Madaratnan nya ang dalawa pang kasama. Di nya namumukhaan ang mga ito.

Maya-maya pa'y may papasok na dalawa pang lalaki. Maglalabas ang mga ito ng baril at itututok kina Ka Rollie.

KA ROLLIE

Mga kasama, bakit?

Dito nya makikita si Ka Dindo na nakasakay katabi ng driver. Naninigarilyo ito.

KA ROLLIE

Ka Dindo, anong ibig sabihin nito?!

Di sasagot si Ka Dindo.

Agad nilang tatalian sa kamay at pipiringan sina Ka Rollie at dalawa pa nitong kasama.

KA ROLLIE

Ka Dindo!

Isang matigas na bagay ang tatama sa ulo ni Ka Rollie. Magdidilim.

**59. INT. 2ND UNDERGROUND HOUSE. DAY**

Marahang bubuklatin ni Hugo ang sulat na galing sa magulang. Isa lamang itong palara ng sigarilyo. Lapis ang ginamit na pansulat. Maliliit ang letra. “Pinakamamahal naming anak…”

Umiiyak na babasahin ni Hugo ang munting mensahe mula sa kanyang mga magulang. May-maya pa’y itatago na nya ang sulat at kukunin ang ilang pirasong damit na nakatupi sa lamesita.

Buong ingat at pananabik niyang pagmamasdan ang isang lumang long sleeve, isang blusa, mga panyo at isang pares ng sapatos.

**60. EXT. RIVER. DAY**

Nakasakay sa bangka sina Ka Tirso, Ka Ismael at tatlo pang kasamahan. Mapapansin ang mga dala-dalahan nilang ikinukubli ng isang trapal. Mga bag, pagkain at mahahabang baril.

Lubhang mainit ang panahon. Mararating nila ang isang bahagi ng ilog. Titigil sila pansamantala dito.

Biglang tatalon sa tubig ang isa nilang kasamahan. Maeenganyo maging si Ka Ismael. Siya man ay tatalon din sa tubig. Parang mga bata silang magtatampisaw sa tubig. Maliban kay Ka Tirso.

KA TIRSO

Bilisan nyo. Baka abutan tayo ng dilim…

Maya-maya pa'y si Ka Ismael na lang ang lumalangoy. Mapapansin nya ang biglang pagtahimik ng kanyang mga kasamahan. Dito nya mapagtatantong lahat sila ay nakatingin sa iisang direksyon lang.

Lilingunin ito ni Ka Ismael. Laking gulat nya na may mga sundalo palang nagpapahinga di kalayuan sa kanila. Maging ang mga ito'y tahimik na pinagmamasdan din sila.

Marahang lalangoy pabalik ng bangka si Ka Ismael. Pilit nilang tatakpan ang mga dala nilang gamit, habang tahimik nilang lilisanin ang lugar.

Mararating nila ang isang tagong bahagi. Agad silang bababa ng bangka at magdudumaling bibitbitin ang mga gamit.

KA TIRSO

Putangina, puro kasi kayo katarantaduhan!

Patakbo nilang iiwan ang bangka.

**61. EXT. WOODS. LATER**

Mararating ng grupo ni Ka Tirso ang pick-up point. Naghihintay na dito ang ilang armadong kasamahan nila.

Magpapahinga sa batuhan ang grupo. Pupunasan ni Ka Ismael ang kanyang M16.

Lalapitan sila ng isang NPA, di ito armado.

KA ISMAEL

Kumusta, kasama?

NPA

Ka Ismael…

KA ISMAEL

Ano ang lagay sa kampo?

NPA

Maayos naman. Kalmado sa kabila ng mga sigalot at naka-ambang panganib. Ka Ismael, malinaw na napasok ng deep penetration agents ang kilusan.

KA ISMAEL

Iyan nga ang pakay namin dito ni Ka Tirso, ‘dre. Gusto naming i-assure ang komite na malinis ang aming hanay.

Tatango ang NPA

NPA

Salamat, kung ganon…

Iaabot nito ang kamay kay Ka Ismael.

NPA

Kadre, pasensya na muna ha. SOP lang to. Pahiram muna ng armas nyo. Ibabalik din pagkatapos ng pulong.

KA ISMAEL

Walang problema…naiintindihan namin.

Iaabot nito ang M16 sa NPA. Iinspeksyunin ng NPA ang long arm. May bala ang magazine nito.

Itututok ng NPA ang baril kina Ka Ismael.

Mabilis ang magiging pagkilos. Disarmado ang iba pang kasama. Maliban kay Ka Tirso.

Maririnig ang mga pagtatanong: “Ano ibig sabihin nito, mga kasama?” “Magkakasama tayo, bakit nyo kami ginaganito?” “Ka Tirso, ano to?!”

KA ISMAEL

Ka Tirso, bakit ako? Magkasama tayo sa kolektib. Wag ganito! Ka Tirso!

Wala silang makukuha ni isang sagot.

Bagkus ay pipiringan pa nila sina Ka Ismael at tatalian ang mga kamay nito.

Magsisimula silang maglakad sa maputik at masukal na kakahuyan. Matagal ang paglalakbay. Mas pinabagal pa ito ng madalas na pagtumba o pagkakadulas ng mga nakapiring ang mata.

**62. EXT. WOODS. NIGHT**

Pansamantalang hihinto ang grupo. Magkakasamang nakaupo sina Ka Ismael at kanyang mga kasamahan. Dito sila magpapalipas ng gabi.

KA ISMAEL

Ka Tirso, maaari nyo ba kaming painumin kahit kaunti lang? Uhaw na uhaw na kami, mga kasama.

Hindi tatalima sina Ka Tirso.

Lalalim ang gabi at makikita nating nangangatal sa ginaw sina Ka Ismael.

**63. INT. SAFEHOUSE. NIGHT**

Ibabarandal ang nakapiring at nakatali pang si Ka Rollie sa isang maliit at madilim na silid. Nakabusal na rin ang kanyang mga bibig. Makikitang may kasama pa syang iba pang bihag.

Takot na takot na pilit inuunawa ni Ka Rollie ang kanyang kinalalagyan. Maririnig nya ang mahihinang mga usapan.

Maya-maya pa'y dadaklutin na sya at kakaladkarin sa isang mas madilim na bahagi. Nakayapak lamang si Ka Rollie at mararamdaman nya ang basa at malamig na sahig.

Sa kabilang silid, maririnig ni Ka Rollie ang palahaw ng isang lalaki. Mapapaigtad sya sa bawat sigaw.

**64. EXT. WOODS/CAMP. DAY**

Magpapatuloy ang paglakad nina Ka Tirso. Mapapansing patang-pata na ang katawan ng mga bihag.

Ilang saglit pa'y tatanggalan na ng piring si Ka Ismael. Dito mahahantad ang ilan pang bihag sa kampo, na nakakulong sa maliliit na hawlang yari sa kahoy. Naka-posas ang kanilang mga kamay at ang iba'y may busal pa sa bibig.

Kakaladkarin nila si Ka Ismael para ikulong sa hawla. Mababa lang ito at esksakto lang sa pagkakahiga ng bihag.

Mula sa kung saan ay maririnig ang pagpalahaw ng kung sino. Pagod na pagod na si Ka Ismael. Sa sandaling iyon ay pipiliin niyang ipikit ang kanyang mga mata at matulog.

**65. EXT/INT. SAFEHOUSE. DAY**

Isinasakay muli sa van sina Ka Rollie at iba pang bihag.

Isa-isa silang tatarakan ng ativan. Agad makakatulog sina Ka Rollie. Mararamdaman nating umaandar na ang van.

Iiwan natin sila dito.

**66. EXT. WOODS. DAY**

Bubukas ang pinto ng van. Mahahantad sila Ka Rollie na pawang tulog pa rin. Bubuhusan sila ng tubig. Magigising sila.

Hilo ma’y, agad silang kakaladkarin at pilit palalakarin.

Tatanggalin ang kanilang mga piring. Dito nila malalaman ang kanilang kinaroroonan.

Magsisimula silang maglakad, isang malayo at napakahirap na lakad, sa kadahilanang nakatali pa rin ang kanilang mga kamay.

Sa magkahalong hilo at pagod, mawawalan ng malay si Ka Rollie.

**67. EXT. WOODS/CAMP. LATER**

Gigisingin si Ka Rollie ng isang marahas na pagdaklot. Ipapasok siya sa isang hawla.

Makikita nya sa kabilang hawla si Ka Ismael na puno ng pasa sa mukha. Duguan ang ilong at bibig nito.

KA ROLLIE

Ka Ismael…

KA ISMAEL

Ka Rollie…

KA ROLLIE

Anong nangyayari?

Beats.

KA ISMAEL

Kukunin ka nila. Paaaminin. Basta gumawa ka na lang ng kwento. Sabihin mo ang gusto nilang marinig. Pakonti-konti lang. Wag mong ibibigay lahat. Basta bigyan mo sila ng dahilan na buhayin ka.

Biglang may hahablot kay Ka Rollie at kakaladkarin patungo sa isang kubol.

Madaraanan nila ang iba pang bihag. Isa na dito si **ROBERT**.

Pabarandal siyang ipapasok sa loob. Iuupo siya sa isang silya. Kakalasin ang kanyang posas upang muling iposas sa silya, sa kanyang likod.

Iiwanan siyang mag-isa sa kubol. Maya-maya pa'y may darating na dalawang pigura. Sa sobrang hilo at gutom, manlalabo ang paningin ni Ka Rollie at di niya agad makikilala ang kanyang kaharap.

Unti-unti, mabubuo ang pagkakakilanlan niya sa dumating: si KA DINDO. Nasa isang sulok lamang ito at di nagsasalita.

KA ROLLIE

Ka Dindo? Bakit nyo ko ginaganito? Ano'ng nangyayari?

Isang malakas na suntok ang dadapo sa mukha ni Ka Rollie. Mula kay KA NANCY.

KA NANCY

Putangina ka! May gana ka pang magtanong!

KA ROLLIE

Ka Nancy!

Muli siyang bibigwasan ng lalaki. Tanging paimpit na ungol na lamang ang ilalabas sa bibig ni Ka Rollie.

Lalapitan siya ni Ka Dindo.

KA DINDO

Tama na, kasama…

Aatras si Ka Nancy.

KA DINDO

Ka Rollie, may itatanong lang kami sa yo. Ang hinihingi lang naman namin ay ang sumagot ka nang maayos, nang derecho. Para wala nang sakitan. Nagkakaintindihan ba tayo?

Titignan laman siya ni Ka Rollie, na hilo pa rin sa tinaggap na buntal.

KA NANCY

Malinaw na nagkandaleche ang pinaplano dahil sa pagkakatimbog kay Ka Wena. Ikaw ang huling kasama nya di ba?

Pilit na tatango si Ka Rollie. Sesenyasan ni Ka Dindo si Ka Nancy. Muling aatras si Ka Nancy, gigil na gigil itong lalakad-lakad sa isang tabi.

Beats.

KA DINDO

Sino-sino pa ang kilala mong deep penetration agent na nakaplanta sa Northern Luzon?

Babakas sa mukha ni Ka Rollie ang pagtataka. Iiling-iling itong tila may gustong sabihin. Muli siyang bibirahin ni Ka Nancy.

KA NANCY

Tangina, sinabi nang sumagot ka nang maayos!

Aawatin ni Ka Dindo ang babae.

KA DINDO

Ka Rollie, umamin ka na. Malinaw sa report ang koneksyon mo sa militar. Si Ka Wena, natimbog dahil sa ‘yo. Paano mo pa to maipagkakaila? Hwag na nating patagalin to. Ilang pangalan lang naman ang hinihingi namin sa yo…

Beats.

Pilit na magsasalita si Ka Rollie. Aagos ang dugo mula sa kanyang ilong at bibig.

KA ROLLIE

Nakasaad sa Geneva Convention on POWs…

Bago pa man siya matapos, ilang malalakas na suntok ang ibibigay sa kanya ng lalaki.

KA DINDO

Tangina mo kang peti-burgis ka! Wag mo kong tuturuan sa rules of war, gago! Isa kang espiya at ahente ng militar! Hindi ka sakop ng punyetang Geneva Convention!

KA NANCY

Ka Rollie, ikaw rin ang kasama ng asawa ko bago sya ma-ambush. Puede mo bang sabihin sa amin kung paano nalaman ng mga militar ang kanilang whereabouts? Sino mga kausap mo noon?

KA ROLLIE

Wala akong kinausap. Di ko alam yan. Ka Nancy, mahal ko ang kilusan, si Ka Ipe!

Magpapanting ang tenga ni Ka Nancy. Ilang suntok ang ibibigay nya kay Ka Rollie.

KA NANCY

Putangina mo ka! Mahal mo?!! Tangina ka! Dahil sa pagtatraydor, napatay ang asawa ko!

Dadampot ng M16 si Ka Nancy at ipapalo ang puwit nito kay Ka Rollie.

Dito na muling mawawalan ng malay si Ka Rollie. Didilim.

**68. INT. CAMP. LATER**

Matatauhan si Ka Rollie mula sa buhos ng maburak na tubig.

Makahiga siya at nakagapos ang mga braso at binti. May busal sa kanyang bibig.

Nasa ibabaw nya si Ka Nancy. Sa isang sulok, kinakalikot ni KA TIRSO ang isang baterya ng sasakyan. Nakatali dito ang isang kawad ng kuryente. Iaabot niya ito kay Ka Nancy.

KA NANCY

Para lang alam mo, di na kita paaaminin. Iisa lang naman ang estilo nyong mga putangina kayo e. Gagawa kayo ng kwento para linlangin kami, di ba?

KA TIRSO

Sa mga panahong ito, ipapuputol ko ang ari ko kung hindi tinotortyur ng militar ang aking asawa. Maswerte na sya kung di sya gagahasain ng mga putangina.

(Beats)

Kaya naman ipalalasap ko lang sa yo ang bawat hirap na pinagdadaanan nya ngayon.

Bubuksan ni Ka Nancy ang pantalon ni Ka Rollie.

KA NANCY

Tignan natin ang tigas ng titi na ipinangkantot mo sa puwerta ng kilusan.

Itatali nya ang kawad sa ari ni Ka Rollie.

Maririnig ang paimpit na sigaw ni Ka Rollie.

Kikislap ang koneksyon sa baterya. Magkikikisay si Ka Rollie, kasabay ang di mawaring palahaw.

Pagmamasdan lamang siya ni Ka Tirso. Wala ni bahid ng emosyon sa mukha nito.

**69. INT. 2ND UNDERGROUND HOUSE. DAY**

Binibihisan ni Tita Carme si Hugo. Maayos ang damit na animo'y magsisimba. Ipakikita natin ang maingat na pagsuklay sa buhok nito. Planchadong-planchado ang suot na polo nito. Hinas na hinas si Hugo.

Kaarawan ngayon ni Hugo. Ito ang araw na magkikita sila nina Ka Henry at Ka Olga. Bakas sa mukha niya ang labis na pananabik.

**70. EXT. CAMP/WOODS. DAY**

Kinakaladkad ang nakagulapay nang katawan ni Ka Rollie. Mararating nila ang isang tagong bahagi ng kakahuyan. Madaratnan nila ang ilang lalaki at babae na nakaluhod at pawang nakatali ang mga kamay. Nakahilera sila, kabilang si Ka Ismael at Robert.

Ipupwesto nila si Ka Rollie sa harap ng mga ito. Pwersahan nilang ihaharap ang mukha ni Ka Rollie sa mga nakahilera.

LALAKI

Manood ka.

KA NANCY

Panoorin mo ang mangyayari sa mga katulad mong pakawala ng gobyerno…

Maririnig ang paghuni ng isang lalaki, sa tono ng Pen Pen de Sarapen. Isang kadre ang darating at may tangan-tangan itong kahoy na pamalo.

Pupwesto siya sa likod ng mga bihag. Tila naglalaro itong ihahagod ang pamalo sa kanilang mga likod.

Mahihintatakutan si Ka Rollie. Iiwas siya ng tingin.

KA NANCY

Manood ka,'tangina ka…

Makikita lamang natin ang mukha ni Ka Rollie, habang umaawit ang kadre ng mabagal na:

KADRE (OS)

Pen-pen de sarapen, de kutsilyo, de sarapen. Haw-haw de karabaw, Batuuuu-

Isang palo ang tatama sa ulo ni Ka Ismael. Hilo itong babagsak sa lupa. Ano pa’t may huling pag-apela pa ito.

KA ISMAEL

Wala akong kasalanan, mga kasama!

Ang pangalawang palo ay tatama muli sa ulo, at ang pangatlo. Maririnig ang lagutok ng bungo ng kaawa-awang lalaki.

Sa huling sulyap natin kay Ka Rollie, ang tanging pag-nguyngoy nito ang maririnig.

**71. INT. 2ND UNDERGROUND HOUSE. DAY**

Muling haharap si Hugo sa cassette recorder. Isasalang niya ang tape at pipindutin ang record.

Ilalapit niya ang bibig dito. Magsisimula siyang magsalita.

Maririnig natin ang kanyang mensahe hanggang kanilang pagbibiyahe.

HUGO (VO)

Hi, Mama…Papa. Kumusta na po kayo? Salamat po at magkakasama tayo sa birthday ko. Alam ko pong mahirap ang paghahanda nyo para makita ako. Kaya kahit po walang regalo o handa, okay lang po sa akin yon.

(Beats)

Ma, Pa, miss na miss ko na po kayo. Gabi-gabi, naghihintay ako ng tawag nyo sa radyo. Iyon po kasi ang bilin sa akin ni Kuya Rollie…

**72. EXT. ROADS. CONT.**

Muli nating makikita na binabagtas ni Hugo at Tita Carme ang highway. Nakasakay sila sa tricycle. Bababa sila sa tapat ng palengke. Papasok sila sa loob. Makikita nila ang isang lalaking nakasuot ng fisheman’s hat. Lalapitan nila ito.

TITA CARME

Kelan ang kumpil?

LALAKI

Sa Sabado…

Sasama sila sa lalaki. Muli ay sasakay sila sa tricycle. Susundan natin sila. Dadaan sila sa pasikot-sikot na kalye. Paiko-ikot. Muli, sa wari'y walang direksyon.

**73. INT. RESTAURANT. LATER**

Di maglalaon at mararating nila ang isang tagong restawran.

Papasok si Tita Carme at Hugo sa restawran. Iilan lang ang kostumer. Uupo sila sa pinakadulong lamesa. Oorder si Tita Carme ng espesyal para kay Hugo.

May TV sa loob. Nakatuon ang pansin dito ng may-ari. Ipinapalabas dito ang libing ni Ninoy Aquino.

Halatang excited si Hugo. May ilalabas siya mula sa kanyang bag, ang kwaderno at cassette tape. Ilalapag niya ito sa lamesa. Bubuklatin niya ang dulong pahina. Tapos na ang kwento ni Garuda. Mapapansin ito ni Tita Carme.

HUGO

Ipapabasa ko po kina Mama at Papa…

TITA CARME

Ano ang ending ng kwento?

Hindi agad makasasagot si Hugo.

TITA CARME

Sige na, gusto kong malaman…

Beats.

HUGO

Dahil po sa katakawan ng halimaw na si Garuda, mauubos ang mga bata saan mang nayon…

TITA CARME

Magugutom sya kung ganon? Mamamatay? Buti nga!

HUGO

Di pa po. Dahil sa gutom, masisiraan ng ulo si Garuda. Ang sariling anak naman niya ang kanyang kakainin.

(A beat)

Malalaman ito ng kanyang asawang si Karima. At si Karima na ang papatay kay Garuda.

(A beat)

'Yun na po ang wakas.

Pansamantalang matitigilan si Tita Carme.

TITA CARME

Ganda! Pihadong matutuwa ang mga Papa mo pag nabasa yan!

Maya-maya pa'y may darating na isang lalaki at uupo ito sa di kalayuan. Agad mapapatingin si Hugo. Hindi pa ito ang kanyang ama. Parang nagmamasid lang ang lalaki. Titingin sa menu at aalis din kapagdaka.

Ilang minuto pang maghihintay ang magtiya. Paubos na ang pagkain ng dalawa. Abalang-abala rin sa pag-antabay sa libing ni Ninoy ang may-ari ng restawran.

Ipakikita sa TV laksang tao na dumalo at nakimartsa habang ipinaparada ang labi ni Ninoy Aquino.

Makakarinig sila ng tunog ng sasakyan. Mag-aanticipate si Hugo. Sa indikasyon ng mga tunog nito, mukhang pumarada nga ang sasakyan sa tapat ng restawran.

Lilipas ang ilang segundo at wala ni isa mang papasok. Sesenyasan ni Tita Carme si Hugo na maghintay pa.

Matutuon ang pansin ng magtiya sa palabas sa TV.

Maya-maya'y may papasok na isang lalaki at isang babae. Uupo sila sa lamesang malayo kina Hugo. Mapapansin sila ni Hugo. Aktong tatayo ito at lalapit. Pipigilan sya ni Tita Carme.

Lilingunin ni Hugo ang dalawa. Pasimpleng tingin at ngiti ang isusukli nina Ka Henry at Ka Olga.

Biglang mawawalan ng reception ang TV. Mapapamura ang may-ari at tatapikin ang TV sa tagiliran nito.

Maya-maya'y may isang lalaki ang papasok. Kahina-hinala ang kilos nito.

Muling mawawala ang reception ng TV. Agad itong kakalampagin ng may-ari. Lalagutok ang TV, kasabay ng mga ingay sa labas. Maririnig ang biglang pagsara ng pinto ng sasakyan, mga di mawaring sigaw ng pagmamadali, at biglang pagharurot ng sasakyan.

Babalik ang reception ng TV. Muling mauupo ang may-ari.

Wala na sina Ka Henry at Ka Olga. Isang maliit na kahon lang ang naiwan sa lamesa.

Yakap-yakap na ni Tita Carme si Hugo, na animo’y pinagsasanggalang sa kung ano man.

Matagal na katahimikan.

Isasara na ni Hugo ang kwaderno.

CUT TO CREDITS.